

*11 Ways to  
Forget Your  
Ex-boyfriend*

written by HaveYouSeenThisGirl  
story, plot and typographies by Denny R.  
From [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)  
May 15, 2011 - April 27, 2011

# 11 Ways to Forget Your Ex-boyfriend



1. Put away all remnants that remind you of your ex.
2. Make his name a bad word.
3. Do new things that will keep yourself busy.
4. Indulge yourself.
5. Meet new people.
6. Entertain suitors.
7. Go out on a date.
8. Have atleast 3hrs call with a guy you dated recently.
9. Enjoy his company.
10. Evaluate your feelings.

11. Dare to fall inlove, *again*.

## Introduction

[www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

"Sena, don't tell me wala ka nanamang balak galawin yang pagkain mo?"

Tinitigan ko lang yung pagkain ko habang ginagalaw galaw ko ito ng tinidor ko, "Ang sakit, Kate. Sobrang sakit."

"Ng alin?" tanong nya habang nginunguya nya yung pagkain nya, "Ng tyan mo? Baka natatae ka? Ibanyo mo lang yan tapos balik ka ulit dito pag tapos ka na."

"Gaga. Hindi ako natatae, hindi tyan ko ang masakit."

"Eh alin? Puson mo? Baka meron ka?"

Naipahid ko na lang sa mukha ko ang dalwang kamay ko, "Eeee. Hindi yun! Yung puso ko! Ang sakit ng puso ko!"

"Aah." walang gana nyang sabi, "Gusto mo tanggalin ko na yang puso mo ng wala ng masakit? Wait ah, kunin ko lang dito sa backpack ko yung gunting ko..."

Yumuko sya at umaktong may kukunin sa backpack nya, pinigilan ko ito, "Wag! Ayoko! Ayoko pa mamatay!"

"Eh ang arte arte mo eh, sabi mo masakit puso mo. Para walang masakit, tanggalin ko na lang yan!"

"Napakasadista mo talaga!"

"Atleast hindi ako katulad mong tanga, ang tagal tagal nyo ng break ng boyfriend nyo! magfa-five months na hindi ka pa rin makaget over!"

"Hindi naman ganun kadali yun eh."

"E sus, ako pa sinabihan mo? Eh naka-apat na major break up na ako at alam ko kung gaano kasakit nuh pero hindi ako katulad mo na nagmumukmok ng ganyang katagal. Naiintindihan ko kung hindi ganun kabilis maka-move on pero yung magmukmok ng ganyan katagal ang hindi ko maintindihan sayo. Hindi na yan normal eh, OA na yan bestfriend. OA!"

"Eh anong magagawa ko?" naiiyak na ako, "Mahal ko pa eh! Ramdam ko pa rin yung sakit!"

"Oi, wag kang magsimulang umiyak," tinuro nya ang tinidor nya sakin, "Ayokong makita kang umiiyak ulit. Wag mo ngang iiyakan yang ex mong walang kwenta, mga katulad ni Allen hindi dapat iniiyakan!"

"Sssh!" lumapit agad ako sa kanya at tinakpan ang bibig nya at bumulong, "Hinaan mo boses mo, nasa hindi kalayuang table lang sina Allen. Wag mo banggitin ang pangalan nya."

Sinubukang hanapin ng mga mata ni Kate ang table nina Allen at ng makita nya, tinanggal nya ang kamay ko at nagsalita sa malakas na boses, "Eh ano? Sya lang ba Allen sa mundo? Ang dami daming Allen sa mundo, katunayan nga ang pangalan ng aso ng kapitbahay namin ay Allen eh. Allen daw kasi anlakas ng rabies nung aso tapos parang ulol pa daw at mukhang unggoy yung aso!"

"Uy Kate, ano ba ang lakas ng boses mo, pinagtitinginan na nila tayo." tinakpan ko na lang ang mukha ko ng mga kamay ko, sigurado ako sa pagkakataong ito nakatingin na sa direksyon namin si Allen. Feeling ko nagmemelt ako sa hiya.

"Eh ano naman? Buti ngayon ng marinig ng mga tao dito sa canteen na walang kwenta ang pangalang Allen!"

May biglang sumabat, "Hoy! Allen ang pangalan ko, magingat ka sa mga sinasabi mo miss!"

"Eh ano?! Bakit?! Ikaw ba pinatatamaan ko ha? Ikaw ba ex-boyfriend ng bestfriend ko? Ikaw ba ha?!"

This time napasobra na si Kate, she even mentioned "Allen's name and ex-boyfriend" in public in a high voice. And worst is, I even heard one of Allen's friend said, "Uy tol, tinitira ka ng ex mo oh. Bitter pa rin sayo? Lakas mo talaga!"

"I'm going back to my class." kinuha ko na yung gamit ko, tumayo at umalis na ng canteen. Tinatawag ako ni Kate pero hindi ko sya nililingon, I need to exit.

Naiinis ako, hindi kay Kate o kung kanino man kundi naiinis ako sa SARILI KO. Bakit hindi ko kasi magawang makalimutan si Allen?

Nakilala ko si Allen sa school festival 3yrs ago. Niyaya ako ni Kate na pumasok sa haunted house, kahit ayaw ko ay napilitan akong pumasok kasi pinilit ako ni Kate. Matatakutin ako lalo na pag sobrang dilim ng paligid, lagi akong nakakapit kay Kate pero hindi naglaon, napabitaw ako sa kanya at hindi ko na alam kung saan sya napunta. Sinubakan kong hanapin sya sa madilim na lugar dahil takot na takot na ako, mas lalo akong natakot ng sa paglalakad ko ay may biglang bumagsak na isang malaking gagambang laruan sa ulo ko kaya naman automatic na napakapit ako sa taong pinakamalapit sakin.

"Mama!!" sigaw ko sa takot pagkakapit ko sa taong pinakamalapit sakin.

"Mukha ba akong nanay mo?" napaluwag ang kapit ko sa kanya pero hindi ako bumibitaw dahil takot talaga ako. Nagkataong si Allen yun na noon ay hindi ko pa kilala.

"S-sorry pero p-pede bang kumapit sayo hanggang sa dulo nitong haunted house? Takot na takot kasi ako tapos napahiwalay pa ako sa bestfriend ko."

"Sige," ngumiti sya nun, "30pesos hanggang dulo."

Kahit antipatiko ang first impression ko sa kanya ay hindi nagtagal nakilala ko sa kanya ng lubusan at nagustuhan ko ang pagkatao nya. Nagsimula ako sa pagkakaroon ng crush sa kanya hanggang sa lumalim ito at ng hindi ko makayanan na ang nararamdaman ko ay pinagtapat ko sa kanya. Nalaman kong mayroon din pala syang gusto sakín kaya naman naging kami rin.

Tumagal kami ng isang taon at hindi ko aakalaing tatagal kami ng ganun. Hindi ko rin naman inakalang matatapos na lang din kami ng basta basta.

4months ago, nakipagkita sya sakín para sabihing ayaw nya na sa relasyon namin. Ang dahilan ay may iba na syang gusto, at yun ay isang kaklase nya. Yung kaklase nyang kung ikukumpara sakín ay magandang talaga kaya naman alam kong malabong balikan nya ako. Pero hindi ko talaga matanggap tanggap na iniwan nya na ako, akala ko kasi perpekto na yung relationship namin dati eh. Akala ko... Haay, may mga bagay talagang hindi mo maasahang matatapos ng lang bigla.

Nung uwian na, matamlay akong nagdiretso sa locker ko. Wala na muna akong balak makipagkita kay Kate kasi medyo masama pa ring yung loob ko sa ginawa nya kanina sa canteen. Medyo napasobra kasi sya eh.

Kinuha ko na yung susi ko sa bulsa ko at binuksan na ang locker ko pero nabigla na lang ako ng pagkabukas ko ng locker ko ay may bumagsak na maliit na papel.




Ano naman kaya ito? Baka nakalimutan kong scratch paper sa math? O kaya basurang nakalimutan kong itapon? O loveletter? Weh, ang ambisyosa ko.

Yumuko na lang ako para damputin ito, "To Sena Marie Reyes."

Yung yung nakalagay sa unahan, nakafold kasi 'to eh. Baka nga loveletter?

Binuksan ko na yung fold at binasa ang nakalagay, hindi sya handwritten kundi type written sya, "Your ex-boyfriend is not worth it. I know it's not easy for you to forget him so that's why I'm here to help you. From now on, I'll be sending letters in your locker. 11 letters which will tell you ways to forget your ex-boyfriend. I promise you that it will only take 11 ways to forget your ex-boyfriend."



WAY // 1

[www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

"Your ex-boyfriend is not worth it. I know it's not easy for you to forget him so that's why I'm here to help you. From now on, I'll be sending letters in your locker. 11 letters which will tell you ways to forget your ex-boyfriend. I promise you that it will only take 11 ways to forget your ex-boyfriend."

Nakahiga na ako ngayon sa kama ko pero hindi pa rin ako makatulog dahil hawak hawak ko yung note na nakuha ko sa locker ko kanina at paulit ulit ko itong binabasa. Ano ibig sabihin ng note? Tsaka sino nagbigay nito? Tsaka anong pake nya sa pagmo-move on ko? 11 ways? Ano naman yun?

"Anlaboooooooo!" ginulo ko na lang yung buhok ko sa mga isiping napasok sa isip ko.

"Pero kung sinuman 'to, sana nga matulungan nya ako sa sinasabi nyang 11ways... Napapagod na ako sa pag-iyak..." naibulong ko na lang pagkapikit ko ng mga mata ko.

///

"Senaaaaaaaaa! Sorry kahapon nadala lang ako ng aking damdamin!" pambungad agad sakin ni Kate pagkasalubong nya sakin sa hallway nung pagkatapos ng klase. Magkaiba kasi kami ng klase eh.

"Sus! Wala na yun, alam mo namang hindi ko kayang magalit sayo ng isang araw eh."

"Eee! That's why I love you, bestfriend! Pahug nga!"

"Eee! Hindi ako makahinga, Kate!" tinulak tulak ko sya palayo sakin, ang higpit kasi ng pagkakahug nya sakin.

"Oops. Hehe. Namiss kasi kita masyado, anyway... may lakad ka ngayon?"

"Wala naman," nagsimula na ulit kami maglakad papunta sa mga lockers namin na hindi naman masyadong magkalayo, "Bakit? May balak ka bang puntahan?"

"Wala din eh. Pero may party kasi kapatid ko sa bahay namin eh." sabi nito habang binubuksan na ang locker nya habang ako naman ay kinukuha pa sa backpack ko ang susi ng locker ko.

"Oh anong meron?"

"Ewan ko dun pero ayaw ko magstay sa bahay. Nakakabanas lang kasi mga kaibigan nya dun. Pede ba magsleep over sa inyo?"

"Sureness naman! Pero jusme, bakit ba ang laki ng galit mo sa mga kaibigan ng kuya mo?"

"Isa lang naman kinaiinisan ko dun."

"Ah, alam na. Si Arkin noh? Lakas talaga ng badtrip powers mo dun."

Sumimangot sya, "Marinig ko pa nga lang pangalan nya, nasusuka na ako eh. Tss. Badtrip lang kasi talaga sya. Badtrip. Ayy. Wag nga natin syang pagusapan, nababadtrip lang ako eh. Anyway, sa inyo ako tutulog mayang gabi ah? Ha? Ha?"

"Oo na." natatawang sabi ko na lang habang binubuksan ko na ang locker ko, "Oops."

Nabigla na lang ako ng may nalaglag(nanaman) na papel.

"Nanaman?" sabay pulot ko dun.

"Ano yan?" dahil may isa't kalahating dugo ng chismosa ang nananalaytay sa bestfriend ko ay agad syang lumapit sakin at kinuha sa kamay ko yung folded paper at binasa ito. Aba't nauna pa sakin nuh?

"1. Put away all the remnants that remind you of your ex. Huh? Ano 'to?"

Inagaw ko sa kay Kate yung papel, "Yun lang nakasulat?"

"Eh yan lang eh. Ano ba yan? Fortune cookie?"

"Gaga! May nakikita ka bang cookie?"

"Eh ano nga yan?"

"Aba, malay ko rin! Sinusubukan ko pa lang intindihin. Kahapon kasi may natanggap din akong papel at nakasulat sa labas nun ay pangalan ko tapos, teka pakita ko sayo.." kinuha ko sa backpack ko yung paper, hindi ko sya tinapon eh dahil gusto kong maintindihan yung purpose nung letter, at nung makuha ko na ay binigay ko kay Kate. Binasa nya yung nakalagay at pagkatapos nun ngumiti sya at siniko siko ako.

"Ayeeee. I'm sure this is from someone who likes you and who always sees you suffer since your break up with Allen. This must be your real prince that will take you away from all the pains." kung pedeng magingning ang mga mata ni Kate at magkaroon ng background na mga puso sa paligid nya ay naging ganun na yung scene lalo na at nakahawak pa sya sa dibdib nya na animoy nangangarap sa kawalan.

Sinapok ko nga ito, "Manahimik ka nga. Pinagsasasabi mo, don't make any conclusions." yun yung sinabi ko pero sa loob loob ko ay umaasa ako sa sinabi ni Kate na baka nga ito ay galing sa isang taong may gusto sakín at ilalayo ako sa mga sakit na nararamdaman ko ngayon. Aaah! Ano ba 'to, kung anu-ano kasi pinagsasasabi ni Kate, napapa-ilusyon tuloy ako. >\_<

"Pero if I were you sis, susundin ko na lang yang mga ipapadala nyang letters. Who knows baka makatulong nga yan, malay mo effective talaga. Saka I don't see any harm on trying it."

"Hmm... Pag-iisipan ko..."

Sa pagkakataong ito, ako naman ang nasapok, "Gaga! Anong pag-iisipan mo? Wala kang isip, remember? So wag mo ng pagisipan, gawin mo na lang!"

Hinimas ko yung ulong sinapok ni Kate, "Oo na nga po, wag kang brutal."

"O sige nagsalita ang hindi brutal, sinapok mo rin ako kanina."

///

Sinamahan ko lang si Kate sa bahay nya para kumuha ng ilang gamit sabay nagdiretso na kami sa bahay ko. Sa loob ng kwarto ko...

"O sige, simulan na natin." nakatayo at nakapameywang si Kate sa harap ko.

Tinignan ko sya ng may pagtataka habang nakaupo ako sa kama ko, "Ha? Ang alin?"

"Eh ano pa? Edi yung way # 1! Put away all the remnants!"



"Remnants? Wow, nosebleed ako."

"Jusme, mag-ayos ka nga Sena! Gusto mo bang makamove on o hindi?"

"Gusto..." sabi ko sa matamlay na boses.

"Yun naman pala eh! Sige, simulan na talaga natin. Akin na cellphone mo."

"Bakit?" kahit hindi ko alam ang gagawin nya ay binigay ko pa rin ang cellphone ko.

Kinuha nya yung cellphone ko, may pinindot pindot na tumagal siguro ng mahigit 5minutes mahigit at ng matapos ay binalik nya na sakin, "Anong ginawa mo?"

"Dinelete ko messages ni Allen pati na ang contacts nya pati na rin pictures nya pati na rin theme song nyo.  
Umm... Sabihin na nating, lahat lahat ng tungkol kay Allen dyan sa cellphone mo."

Pagkasabi nya nun, automatic na nagpanic ako at chineck ang cellphone ko, "Binura mo messages ni Allen?!!"

"Yup." confident na sagot nya.

"Bakit?! Ano na lang babasahin ko sa gabi? Yun na nga lang yung mga natirang usapan namin ni Allen! Yun na lang yung nagpapaalala sa kin ng mga magagandang alaala."

"Gaga ka bang talaga? Kaya ka naman hindi makakamove on talaga nyan eh binabasa mo pa yung mga messages nya! Kung gusto mong magmove on, aalisin mo sa isip mo si Allen! Kung babalik at babalikan mo yung mga alaala nyo talagang hindi ka makakaalis sa kinatatayuan mo!"

Hindi ko pinansin yung sinabi nya at kinalkal ko ulit cellphone ko, "Binura mo din yung mga pictures?! Bakit?! Hindi mo ba alam na yun na lang yung natitirang hindi nagbabago samin! Yun na lang yung paraan ko para isiping kami pa rin! Sa tuwing nakikita ko yung mga pictures namin na magkasama at masaya, naiisip kong kami pa rin at walang nagbabago! Yung pictures na nga lang ang hindi nagbabago samin tapos buburahin mo pa! Bakit mo binura?!"

I think I'm going hysterical. Hindi ko matanggap yung mga bagay na nawala ng bigla bigla sa isang pindot lang ni Kate sa "delete" button.

"Ay anak ka naman talaga ng---! Ah Sena, asan ba ang utak mo? Nasa pwet mo ba? Hindi na talaga ako magtataka kung bakit hanggang ngayon kahit 1% man lang ng sign ng pagkamove on sayo ay WALA."

Hindi ko pa rin pinansin ang sinabi nya at chineck ko ulit ang cellphone ko, "Pati contact nya binura mo? Pati theme song namin?"

"Oo, may problema ka?!" panghahamon nya.

"Wala. Pede ko namang idownload ulit yung kanta saka saulo ko naman yung number nya." panghahamon ko din sa kanya.

"SENAAAAAAAAAAAA! NAKIKINIG KA BA SA MGA SINASABI KO KANINA?!"

"Ano ba Kate, bakit ka nakasigaw!"

"EH ANG BINGI BINGI MO EH! ANDAMI KONG SINABI KANINA PERO NI ISA ATA WALA KANG NARINIG!"

"Ano ba sinabi mo?"

"Makinig ka ah," kinuha nya yung cellphone ko sa kamay ko at hinagis ito sa kama tapos hinawakan nya yung mukha ko ng mga kamay nya at finixed nya ang mukha ko sa mukha nya, "Keeping anything that reminds you of your ex out of sight will help you to think about him less. If you really want to get over him, you must keep yourself away from every part of him and the memories he left you. Do you get me, Sena?"

Lumunok ako at feeling ko parang nawalan ako ng boses, "I... I didnt... I....

Tsong, di ko nagets, pakitranslate nga!"

\*SPANK!\*

"Aray! Ano ba di mo naman kelangang sapukin ako, joke lang yun. I was just trying to lighten up the mood here noh! Nagets ko nanaman. Oo na, kung gusto ko talagang makalimutan sya kelangan isacrifice ko lahat ng mga bagay na konektado sa kanya."

"Mabuti na yung nagkakaintindihan tayo. Hmm..." inikot ni Kate ang paningin nya sa kwarto ko,"Magsimula tayo sa mga letters nya."

"H-ha?!"

"Ano?! May angal ka? Diba nagkakaliwanagan tayo?"

"Ah, oo. Sabi ko nga." pumunta na ako sa drawer ko para kunin yung box ko na naglalaman ng lahat ng letters ni Allen para sakin, "Eto na oh."

"Ano pa mga binigay sayo ni Allen?" kinuha ko lahat ng mga bagay na binigay sakín ni Allen tsaka lahat ng mga remembrance ng relationship namin, nilagay namin ito sa isang sako at dinala sa baba kung saan gumawa kami ng isang pagsusunugan.

"Susunugin natin?"

"Ay hindi, kakainin natin!" sarcastic na sabi ni Kate, "Syempre susunugin natin, this way wala na talagang matitira! At pag wala ng natira wala ka ng makikita na magpapaalala sa kanya at pag wala ng mga bagay nagpapaalala sa kanya, hindi mo na sya masyadong maiisip at di kinalaunan mawawala na rin sya sa isipan mo at makakamove on ka na sa kanya!"

Wala na akong nagawa kundi sumunod kay Kate. Inisa isa naming sinunog ang mga bagay na konektado kay Allen. Bago ko sunugin ang mga sulat ni Allen, binasa ko muna ang ilan dun at sa tuwing ihahagis ko ito sa apoy, naiiyak na lang ako. Lalo na nung sunugin namin si Nami, yung teddybear na bigay sakín ni Allen nung anniversary namin.

"I just killed my daughter!" hindi ko na kinaya, napaupo ako habang umiiyak ng malakas. Sobrang sakit na ng nararamdaman ko. Parang sa bawat may susunugin kami, parang pinapana ako sa puso.

"Oy, teddy bear lang yan! Wag kang OA, it's not as if we're committing a crime here noh!"

"Kahit na, tinuring kong anak si Nami! Tapos susunugin lang natin! Wala na sya, abo na si Nami! Patay na si Nami, patay na yung anak ko!" naghahalo na ang uhog at luha ko sa walang humpay kong pagiyak.

"Jusmiyo. Paano ba ako nakakatagal sa gantong bestfriend kong may sayad sa utak. Ano ba, Sena, teddy bear lang yun. T-E-D-D-Y B-E-A-R, hindi yun tao! Get over it will you!"

Natapos yung araw ng iyak ako ng iyak dahil sa lahat ng mga sinunog namin. Bumalik ako sa kwarto ko at nasabi na lang sa sarili ko...

"Wala na..."

///

1week na ang nakakalipas simula ng sinunod namin yung way#1. Nung una at pangalwang araw, sobrang nagluksa ako sa pagkawala ng lahat. Pero nung magtagal tagal, medyo nababalik na ako sa sarili ko. Naiisip ko pa rin si Allen pero hindi na masyado. Nakatulong nga yung pagaalis ko sa lahat ng mga bagay na pedeng magpaalala sa kanya, nakatulong rin yung hindi ko sya nakikita o nakakasalubong sa campus. Kahit papaano, nabawasan ng konti ang pagiiisip ko sa kanya.

"Ano? Effective ba? Nakamove on ka na ba kay Allen?"

Nilagay ko ang kamay ko sa baba ko, "Hmm... Hindi ko na sya masyadong naiisip eh..."

"Talaga? Good sign yan! " tuwang tuwang reaksyon ni Kate.



"Hmm... Oo nga eh, effective yung way#1, kung dati 24hrs na laman ng isip ko ang pangalan ni Allen ngayon 23hrs na lang!" positive na sabi ko kay Kate.

Nagbago yung mood ni Kate pagkasabi ko nun na hindi ko naman nagets, I thought I brought her good news pero sinimangutan nya ako.

"Ano?!! 1hr lang nabawas?!"

"Bakit? Hindi ba good news yun?"

"Tss! Pede na rin, 1week pa lang naman nakakalipas. Atleast may improvement kahit papaano, pede ng pagtyagaan. Anyway, wala pa bang bagong note na napapadako sa locker mo?"

"Wala pa nga eh. 1week na rin yung nakakalipas, gusto ko na nga malaman yung #2. Gusto ko na talagang makamove on." sabi ko habang binubuksan ko yung locker ko.

Bago ko buksan ng tuluyan yung locker ko, nagpray muna ako, "Sana meron."

At pagbukas ko, may nalaglag na papel.

"Yes! Dumating na yung #2!"



CHAPTER --- 2

[www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

Letter # 2: Make his name a badword.

"In what sense, Kate?" nandito kami sa canteen para maglunch, pinakita ko sa kanya yung second letter na natanggap ko sa locker ko kaninang umaga.

"Hmm. I think parang hindi mo dapat sabihin yung name ni Allen."

"Eh?"

"Yun bang, hindi mo dapat sasabihin nor maririnig ang name nya. Yun bang papaltan mo ng ibang word yung name nya..."

"Like ise-censored ko?"

"Ganun na nga siguro, like you'll say \*beep\* or \*toot\*, para bang badword yung name nya na hindi pedeng mabigkas sa sambayanang Pilipinas."

Humalumbaba ako, "It's impossible, laging si Allen ang laman ng bibig ko..."

\*TWICK!\*

"Ouch! What was that for? Bakit mo pinitik yung noo ko!"

"You just mentioned a badword!"

"Ha? Hindi naman ako nagmura ah? Nananadya ka lang eh!"

"You mentioned HIS name! From now on, it's considered as a badword at everytime may magsasalita ng badword ay pipitikin sa noo."

"Ugh. Yeah, right. Makakatulong ba talaga 'to? I mean, it's just mentioning Allen's name!" I rolled my eyes pero bigla nanaman akong pinitik ni Kate sa noo.

"Will you stop saying badwords? Oo, makakatulong yan. Sa tingin ko, may reason naman yung nagbigay sayo ng letter... I mean, tama naman sya kasi nga naman pag palagi mong bibigkasin o maririnig ang pangalan ni \*tooot\* edi hindi ka makakamove on nyan noh!"

"Sabagay... tama ka nga... Sige, from now on hindi ko na bibigkasin si \*tooot\*. Kain na nga tayo." kukunin ko na sana yung tinidor ko kasi imbis na makuha ko eh nadanggil ko ito at nalaglag tuloy. Aabutin ko na sana kaso may naunang nakaabot nito.

"Uh... here." awkward na inabot nya sakín ito.

Pagtingin ko kung sino, nataranta ako, "Toot!"

Nagtaka sya, "Toot?"

Sinampal ko sarili ko ng mahina at umiling iling, kinuha ko na yung tinidor ko, "W-wala. Salamat."

Tumalikod na agad ako sa kanya at umalis na din naman sya.

"Itapon mo na yang tinidor, madumi na yan." suggest ni Kate, tinignan ko yung tinidor na hawak ko.

"Pero... hinawakan nya 'to..."

"O sige, gamitin mo. Sana mamatay ka sa germs sa pagkain mo pagkatapos gamit yang tinidor na yan."

"Ang cruel mo."

"Eh ang landi mo eh, remnant na din yang tinidor na yan at remember, ang sabi sa letter #1, itapon mo lahat ng remnants? So itapon mo na yan." kinuha nya yung tinidor sa kamay ko at sya na ang nagtapon, kinuha nya na lang ako ng bagong tinidor.

Ginulo ko yung buhok ko, "Bakit ayaw mo bang maaalis sa isipan ko! Nakakainis ka toot! Sobra!"

----

"Sena, kilala mo si Allen right?" nabigla ako ng tinawag ako ng teacher ko after class.

Tumango lang ako.

"Maari mo ba syang tawagin sa classroom nya at sabihing pumunta sa office ko since may kelangan ako sa kanya?"

"Ah opo." kahit ayaw ko, hindi naman ako makakatanggi sa utos ng isang teacher nuh.

Papunta na ako sa classroom nya pero sobrang lumalakas yung tibok ng puso ko, do I really have to talk to him? Well, am just gonna tell him na go to Ms. Salugsog's office right? Nothing's wrong with that so I shouldn't be this nervous.

Pagdating ko sa classroom nila, chineck ko if andun sya pero wala eh. Hanggang sa may lumabas na isang lalaki na nakabagpack na sa tingin ko ay pauwi na, kinausap ko sya.



"Umm, excuse me."

Tumigil sya sa paglalakad at tumingin saakin, ngumiti sya, "Yes?"

"Andyan ba si Al-- si toot?" I should not say his name diba? Argh. So how can I look for him? But the letter said to make his name a bad word, if I don't do it, it's like I'm wasting the effort of that someone who's helping me.

"Toot?" Kumunot yung noo nya, "Wala kaming classmate na ganun ang name."

"I mean... argh. Hindi toot name nya..."

"Eh ano?" naguguluhan na yung lalaki saakin.

"Ano... You see, hindi ko kasi pedeng imention yung name nya."

"Eh? Bakit?"

"Badword kasi."

"Ano?" natawa sya pagkatapos nun, "Eh sino ba yun?"

"Si toot nga eh!" I really look ridiculous.

"Eh wala nga akong kilalang toot eh. Ganto na lang, describe mo sakin."

I have no choice, dinescribe ko na nga lang sya, "Matangkad. Mga kasingtangkad mo. Tapos brown hair na bagsak na hindi masyadong mahaba. Maputi. Meron syang kwintas na shuriken."

"AH! Si Allen!"

"SSH! Bawal mo din sabihin name nya! It's toot!" mukha na talaga akong tanga, ipilit din ba naman sa iba yung letter #2.

"Ah, oo nga pala badword. Eh bakit naman? Anong ginawa sayo ni All--" tinignan ko sya ng masama nung sasabihin nya na yung name ni toot, "Ah oo nga pala, ni toot?"

Nilayo ko tingin ko sa kanya, "Basta. Yun alam mo ba kung asan sya?"

"Ang alam ko umalis na sya eh."

"Ha? Eh pinapatawag sya ni Ms. Salugsugan."

"Text mo na lang baka hindi nakakalayo yun."

"Wala akong number nya." dinelete ko na pero memorized ko eh pero hindi ko sya itetext no matter what. "Ikaw na lang magtext."

"Wala akong load."

"Andamot mo."

"Eh wala nga eh."

"Sige na nga, salamat na lang." tumalikod na ako para umalis na pero pinigilan nya ako at hinawakan sa braso.

Lumingon ako sa kanya ng may pagtataka, ngumiti sya na parang nahihiya, "Sige na nga itetext ko na pero in exchange, pede makuha number mo?"

Nabigla ako sa tanong nya, "Ah sorry, hindi ako namimigay ng number ko sa mga hindi ko kilala."

"I'm Trey, so can I have your number now?"

"Nice meeting you but no." inalis ko na yung hawak nya saakin.

"Aww. Can I atleast have your name?"

"Sena. Sige na, I'm going."

Naglakad na ako paalis nun nung marinig ko syang sumigaw sakin, "Babye Sena! Ingat ka ha!"

Ewan. Feeling ko ang cute nya eh, kinilig ako nung tinanong nya number ko at pangalan ko though hindi talaga ako namimigay ng number ko sa mga hindi ko kilala. Pero... cute nya talaga eh. \*blush\*

Paalis na talaga ako nun kaso may nakabangga akong lalaki sa may hallway, "Ay sorry."

"Sena! What're you doing here? Hinahanap mo ba si Allen?" kilala ko 'to, isa sya sa mga kabarkada ni toot.

"Oy, bawal daw bigkasin ang name ni Al-- ni toot!" nabigla naman ako ng makarating na kaagad sa tabi ko yung lalaki kanina na ang pangalan daw ay Trey.

"Ano? Toot? Ha? Anong sinasabi mo Trey? Tsaka kilala mo si Sena?" naguguluhang tanong ng kabarkada ni toot.

Siniko ko yung Trey at kinausap yung kabarkada ni toot, "Ah wala yun, wag mong intindihin yung sinasabi nya. Napadaan lang ako dito kasi may sinabi lang ako kay Trey, diba?"

Ayaw ko kasing malaman ng kabarkada ni toot na nagpunta ako dun sa classroom nila para sa kanya.

"Ano?" medyo naguguluhang tanong ni Trey pero tinignan ko lang sya with the expression saying "sige nanaman, umu-oo ka na lang". at yun nga, mukhang nagets nya, "Ah oo. May sinabi kasi sya saakin."

"Ah ganun ba, akala ko naman pinuntahan mo si Allen."

"Si toot sabi!" siniko ko ulit si Trey kasi ang kulit nya, hindi pedeng malaman ng mga kabarkada ni toot na toot ang tinatawag ko sa kanya.

"Ano bang toot?"

"Ah wala! Sige alis na kami ah, bye!" dahil sa gusto kong iwasan yung tanong ay hinila ko na paalis si Trey.

"Saan tayo pupunta?" napatigil na ako sa paglalakad ng maalalang hawak ko pa nga pala si Trey hanggang sa paglalakad ko sa hallway.

Binitawan ko kaagad sya, "Ah wala, ako uuwi na, ewan ko sayo kung saan ka pupunta."

"Eh? Pagkatapos mo akong hilahin, iiwan mo lang ako?"

"Bakit? Anong gusto mo? Nahila lang naman kita kasi ang ingay mo."

"Ha? Ako maingay? Ano naman ginawa ko?"

"Eh toot ka kasi ng toot eh!"

"Eh diba sabi mo ayaw mo maririnig name nya eh yung si Ash kanina, sinasabi ng sinasabi yung name nun eh kaya sinasabihan ko lang sya na wag sabihin name nun at sabihin nya dapat ay toot!"

"Alam ko pero kasi-- agh! Wala. Basta wag ka na lang kasi maingay!"

"Eh ano ba kasi meron kay toot?"

"Wala ka na dun." iniwan ko na talaga sya pagkatapos. Medyo nainis kasi ako, ang kulit nya kasi eh.

----

Naging successful naman yung araw ko for a week na hindi binibigkas ni hindi naririnig ang pangalan ni toot. Minsan nga naeenjoy pa namin ni Kate eh, parang nagiging laro na lang samin yung badword thingy eh. XD

Everyday kong tinitignan ang locker ko to make sure may letter ng dumating, nahohook na kasi ako sa mysterious letters na ito eh. Kung sinuman sya, nagpapasalamat ako sa ginagawa nya para sakin. Kung babae sya, kakaibiganin ko sya at kung lalaki sya... baka mahal in ko sya. haha. Hindi, joke lang. Sabi nga ni Kate baka

mamaya daw isang fatso pero kung ganun nga, pede ko rin naman syang maging kaibigan diba? Basta kung sinuman ito at pag nakilala ko, I'll be very grateful to her/him.

Mukhang weekly magpdala ng letter kasi after a week, saka lang ako nakareceive ng letter.

"Sis! Ayan na! May new letter!" excited kong pinulot yung letter na nalaglag mula sa locker ko pagkabukas ko nito. Binasa agad namin ni Kate ang laman.

-----

3. Do new things that will keep yourself busy.



----

At pagkabasa ko nun, nakareceive ako ng text from an anonymous number.

From: +6300\*\*\*\*\*

Hi Sena! Ako 'to, si Trey, yung sa class ni toot. Kamusta?

How did he know my number?



Way --- 3

“Sure ka ba dyan?” natatawang nag-aalangang tanong sakín ni Kate habang nagfill up ako ng form sa taekwando club.

“Oo, diba nga nabasa mo naman yung nakasulat dun sa 3rd letter? Diba ang sabi do something new daw! Eto, new ‘to! I’m joining a new club at alam mo namang never kong natry magtaekwando diba? I think this would be cool!”

“I think this would be a disaster! You can’t even open a cap of a bottled ketchup what more kung makikipagbugbugan ka pa dyan sa mga taekwando students! Baka mabalian ka lang!” tawa pa rin sya ng tawa.

Tinignan ko sya ng masama at sarcastic na sinabi, “Napakasupportive mong kaibigan.”

Mamamatay na ata sa kakatawa si Kate, “Eh kasi naman bakit hindi ka na lang sumali sa club ko? Dun ka na lang sa club ko.”

“Heh. Mas prefer ko pang mabalian ng buto sa taekwando kesa magsayaw! Alam mo namang balu-baluktot ang paa ko! Mas mamamatay pa ako sa pagsasayaw kesa sa pagta-taekwando!”

“Sige na nga, bahala ka. Basta paalala lang, ilagay mo na sa speed dials mo ang 911.”

“Heh! Umalis ka na nga dito! Dumiretso ka na sa club mo, tignan mo nga kung anong oras na. Iniintay ka na ng mga club members mo!”

“Antaray neto, ikaw na nga ‘tong nagpasama sakin ikaw pa nagpapalayas sakin. Sige na nga, babye na!  
Goodluck, sabihin mo lang saakin kung anong hospital room ka pagkatapos ah?”

Sinipa ko sa paa pero nakailag sa, “Woah! Wag kang magpractice saakin ng taekwando!”

“Che!” tumawa lang sa at nagwave na at umalis na.

Nung matapos na ako magfill up, binigay ko na dun sa organizer sa may pinto.

“Here.”

“Thank you, pede ka ng magstart. Ito yung uniform mo,” inabot nya sakin ang plastic ng uniform nung pang-taekwando, “You can pay it until 27. Yung changing room, andun sa may bandang kanan.”

Tinignan ko yung tinuro nya, “Ah okay, thank you. Pagkatapos nun didiretso na ako dun sa may practice hall right? Dun sa may gitna?”

Tumango sya at ngumiti, “Ah oo, medyo malelate lang yung instructor nyo since late matatapos yung klase nya ngayon. Pero maya maya, dadating na yun so marami ka pang time para makapagpalit sa uniform mo.”

“Ah, student din yung instructor namin?”

“Yep, black belter sya pero yung white beltlers lang tinuturuan nya. Ito lang yung naisip ng club na paraan para makatipid sa budget. Mahal kasi kung kukuha pa kami ng instructor. Isa lang talaga ang tunay na teacher ng taekwando dito pero yung mga high beltlers na talaga tinuturuan nya at every Tuesday lang napunta. Anyway, magaling naman yung instructor nyo kahit student sya. Siguradong matututo kayo.”

"Oh ganun ba, o sige magpapalit na ako." nagdiretso na ako sa changing room at pagkatapos pumunta na ako dun sa gitna, sa may practice hall. Nag-hi at nginitian ko lang yung mga tao dun na mga white beltlers.

"Ah may bago? That's good." naririnig ko ng parating yung instructor namin, "Hi everyone! May bago daw tayong member! Andito ba sya?"

Nabigla ako nung makita ko kung sino ang instructor namin, "Sena! Ikaw pala! Nice to see you here!"

"Ikaw ang instructor ng white beltlers?!" napanganga na lang ako ng makita ko si Trey na naka-taekwando uniform at nakablack belt. Unbelievable.

"Yep," nagwink sya saakin, "Don't worry I'm always gentle with cute students."

I can't believe him. Really.

Pero wala na nga akong magagawa, naging instructor ko na sya eh, sumali na ako dito at wala ng atrasan. Nakakainis lang kasi sa kanya, simula nung nakuha nya yung number ko sa hindi ko malaman kung kanino, tinext nya na ako ng text, nagtetry nga rin syang tumawag eh. He's like a stalker! Pero hindi ko na lang sinasagot yung texts&calls nya. Tapos tinatry ko ring iwasan syang makasalubong sa corridors. Sabi nga sakin ni Kate, kung ginayuma ko daw ba. Asa pa naman.

Pero buti na lang pag oras ng practice, hindi sya nangungulit, seryoso nga sya pag nagtuturo eh. Para talaga syang teacher pero nung matapos yung practice at nakapagpalit na ako, nakita ko syang nagiintay sa tabi ng changing room. Nakapagpalit na sya, nakasabit na yung backpack nya, medyo basa pa yung buhok nya dahil siguro sa pawis at nakasandal sya sa may pader dun habang nakapamulsa.

"Ang tagal mo ah."

"Hinintay mo ako?"

"Yup," naglalakad na ako nun pero sinusundan ko sya, "hatid na kita sa inyo."

"Ha? Ano ka sinuswerte? Ayoko. Kaya kong umuwi mag-isa saka kasabay ko bestfriend ko eh. Infact, ayan na sya oh." nakita ko kasing papalapit samin si Kate, tapos na rin siguro yung practice ng club nya.

"Sena, boyfriend mo?" tanong agad ni Kate pagkakita kay Trey.

"Ah yes," lumapit si Trey kay Kate at inabot ang kamay nya, "I'm Trey nga pala, boyfriend ni Sena."

"Ah, nice meeting you. Ingatan mo bestfriend ko ha." inabot naman ni Kate ang kamay ni Trey at nakipagshake hands.

"T-teka!" pinagbitaw ko ang mga kamay nila, "Sira ulo ka ba? Boyfriend? Mukha mo! Kapal neto. Kate, hindi ko boyfriend yan, wag kang maniniwala sa mga pinagsasabi nya."

"But he's not that bad, pede ng boyfriend, bakit ayaw mo?"

"Look oh, payag bestfriend mo. Alam mo kasi bagay tayo," bigla nya akong inakbayan at natawa lang si Kate. Argh, ang taas naman ng confidence nitong Trey na 'to sa sarili nya.



"Ano ba," tinanggal ko ang kamay nya sa balikat ko, "Layuan mo nga ako. Tara na nga Kate, uwi na tayo."

"Ah oo nga pala Sena, hindi ako makakasabay. Dadaan pa kasi ako sa bahay ng boyfriend ko, kita na lang tayo bukas ah. Sige, babye!"

Hindi pa ako nakakaimik ay tumalikod na si Kate at umalis na. Iniwan nya ako kasama itong Trey na 'to.

"Paano ba yan, wala kang kasabay sa paguwi? Ihahatid na kasi kita hanggang sa inyo."

"Marunong akong umuwi mag-isa noh, tingin mo sakín 4yrs old?"

"Oo."

"Aba!" talagang tingin nya sakín 4yrs old?!

"Mukha ka kasing baby, baby ko!" anakng! Bumabanat pa 'tong manong na 'to.

"Ewan ko nga sayo, aalis na ako. Wag kang susunod." naglakad na ako pero napansin kong naglalakad din sya sa tabi ko, "Diba sabi ko wag kang sumunod?!"

"Eh paano kung parehas tayo ng daan? Bawal na ba akong dumaan sa daan mo?"

"Atleast, wag kang tumabi saakin sa paglalakad. Kung gusto mo mauna kang maglakad o kaya mahuli ka! Hindi yung nasa tabi kita!"

"Eh gusto ko maglakad ng ganto eh. Parehas kasi tayo ng bilis sa paglalakad kaya nagsasabay tuloy tayo."

"Argh! Ewan ko sayo!" wala na akong nagawa kundi hayaan na lang syang maglakad sa tabi ko. In the end din naman kasi, kahit anong gawin ko, ipagpipilitan nya lang ang gusto nya. I just better save my energy from arguing.

"Bakit hindi mo sinasagot mga texts at calls ko?"

"At sino namang maysabi sayo na pede mong kunin number ko ha? Atsaka sang lupalop mo nakuha number ko?!"

"Edi kay toot."

"Ha?"

"Kay Toot, kay Allen."

"Ha?!"

"Ang bingi eh, kay Toot nga!"

"Ahh." yun na lang yung nasabi ko pero ang totoo, nalungkot ako. Kung tutuusin nakakatuwa na meron pa si Allen ng number ko pero nakakalungkot kasi, pinamimigay nya na lang yung number ko. Binubugaw na lang pala ako ngayon, how nice... :|

"Oh bakit parang natahimik ka ata?"

"Tahimik naman talaga ako eh. Wag mo nga akong kausapin."

"Antaray mo talaga. Oo nga pala, magka-anu ano kayo ni allen? Este ni toot? Bakit ba toot ang tawag mo dun?"

"Magkakilala lang kami nun," magkakilala? Actually, mag-ex eh. "Wala ka ng pakelam dun."

"Dali na, gusto kong malaman kung bakit toot ang tawag mo sa kanya. Naku-curious ako eh."

"Sabi ko wala ka ng pakelam dun."

"Ayy. Sige itatanong ko na lang bukas kay Allen kung ayaw mong sabihin."

"WAG!" nabigla sya sa pagsigaw ko, yumuko na lang ako, "wag mong sasabihin kay Allen, wag kang magbabanggit ng kahit ano sa kanya na tungkol sakin."

"Eh?"

"Ex boyfriend ko si Allen, masaya ka na? Ayan manahimik ka na. Wag ka ng magsalita ng kahit ano lalo na pag tungkol sa kanya."

Tumahimik nga sya pagkasabi ko nun. Pero hindi rin nagtagal umimik ulit sya, "Kaya ka siguro umiiyak nun."

This time, napatingin ako sa kanya pero nakatingin lang sya sa daan nun, "Ha? Anong sinabi mo?"

"Iyo 'to diba?" bigla syang may nilabas na panyo sa bulsa nya, "Panyo mo 'to diba?"

Tinignan at inabot ko yung panyo, "Akin 'to ah, paano napunta sayo?"

Tanda ko yung panyong yun, yun pa yung niregalo sakín ni Allen nung monthsary namin. Nakasulat pa nga dun yung initials namin, A&S. Ayun yung panyong gamit ko nung araw na nagbreak kami.

"Napulot ko pagkatapos mong umiyak nun. Nilagay mo sa bulsa mo pero nalaglag sya, pinulot ko 'to pagkaalis mo."

"Anong sinasabi mo?"

"Diba umiiyak ka nun sa may playground? Gusto sana kitang lapitan nun kaso hindi naman kita kilala kaya baka magalit ka sakín pag nilapitan kita, pinanuod lang kita nun kahit gusto kitang i-comfort. At yun nga, nung matapos ka ng umiyak, itatago mo na sana 'tong panyong 'to sa bulsa ng palda mo kaso nalaglag kaya pinulot ko. Balak ko sanang ibalik sayo kaso sa tuwing nakikita kita sa school, wala akong lakas ng loob kausapin ka at ibigay 'to sayo since hindi naman tayo magkakilala nun."

Naiiyak na ako habang hawak ko yung panyo, naaalala ko nanaman kasi yung araw na nagbreak kami ni Allen. Yung araw na sinabi nya saking, ayaw nya na at tigilan nanamin yung kung anong meron kami. Ang sakit nun sakín kasi biglaan, ni hindi man lang muna sya nagparamdam. Hindi ako ready nun kaya nga hanggang ngayon hindi pa rin ako makamove on. Mahal na mahal ko si Allen kahit hanggang ngayon.

Tulo na ng tulo yung luha ko, wala na akong pakelam kahit may isang Trey sa harap ko, basta umiiyak lang ako habang naglalakad. Ipampapahid ko na sana yung panyo sa luha ko kaso bigla nyang inagaw 'to sakín.

"Ano ba!"

"Wag sa panyong 'to," bigla nya akong inabutan ng panyo nya, "Dito ka umiyak sa panyo ko."

Ginawa ko nga yung sinabi nya. Tumigil kami sa isang bench malapit dun, umiyak ako ng umiyak. Tahimik lang sya sa tabi at ako hindi din ako naimik. Iyak ko lang ang maririnig at ang ingay ng mga dumadaang sasakyan. Wala na nga rin akong pakelam kung may mga dumadaang taong nakakakita sakín.

"Mahal ko sya, mahal na mahal ko." kinakausap ko ang sarili ko habang naiyak.

"Sige, iiyak mo lang." sa pagsabi nya nun, lumakas pa lalo ang iyak ko. Ang sakit, ang sakit sakit at ang sikip sikip ng dibdib ko pero pagkatapos kong umiyak, medyo lumawag at gumaan na yung pakiramdam ko. I needed that cry, makes me feel a little better.

"Okay ka na?" tumayo na kami nun.

"Ah oo, inaantok na ako." ewan ko, sa tuwing matatapos akong umiyak, nakakaramdam ako ng sobrang antok,  
"Uuwi na ako. Wag ka ng sumabay sakin please, I need to be alone right now. Ibibigay ko na lang 'tong panyo mo bukas."

"Sure. You can keep the handkerchief." tumalikod na sya sakin at naglakad palayo habang nakaway at nakapamulsa ang isang kamay.

Pinagmasdan ko lang saglit ang likod nya at tumalikod na rin pagkatapos para umuwi na.

I really need something to keep me busy. Bukas, I'll join cooking club, art club at media club. I need more than one clubs right now. I have to keep myself occupied with other things because if not, I'll be haunted w/ Allen's memories. It scares me just to think of it.

Hindi pa ako nakakarating sa bahay, nakatanggap ako ng text mula kay Trey.

From: +63\*\*\*\*\*

Smile. - Trey



After reading it, I actually felt like smiling. Ewan ko, his text sounded like a command so I did it.

----

"Sana meron." I know kahit 2days pa lang ang nakakaraan, I'm already hoping na sana may laman ang locker ko ng letter mula sa mysterious sender. Pero hindi nga ako nabigo, dahil pagkabukas ko may nalaglag ulit na papel. Buti na lang, napabilis ang sumunod nyang letter, excited kasi ako sa mga ways na nakasulat sa papel nya. Feeling ko binibigyan ako ng pag-asa nitong nagbibigay sakin ng sulat, binibigyan nya ako ng pag-asa na malimutan si Allen at makamove on na.

#4. Induge yourself.

It sounded simple but I think it's a nice idea. It's been a while since I last went shopping.

Pagkatapos kong mabasa yung letter, tinago ko ito sa bag ko at nagsalita sa malakas na boses, "Kung andito ka man sa paligid, salamat ah."

\*TUGSH\*

May narinig akong nalaglag na mga gamit. Pagtingin ko sa may kanan ko sa may hindi kalayuang locker..

"Ayos ka lang?" Si Allen, tinutulungan nya yung isang babae dun na naglaglagan ang mga libro,

"Sa susunod kasi magiingat ka, babe."



Way --- 4

"Kung andito ka man sa paligid, salamat ah."

\*TUGSH\*

May narinig akong naglalaglagan na gamit sa kanang bahagi ng corridor sa may hindi kalayuang locker. Nakita ko ang isang babae dun na sinisimot ang mga gamit nya habang tinutulungan sya ng isang lalaki.

"Ayos ka lang?" patuloy sa pagpulot yung lalaki sa gamit nung babae, "Sa susunod kasi mag-iingat ka, babe."

Ang sweet nilang tignan noh? Oo nga pala, yung babae maganda...

At yung lalaki, ex-boyfriend ko.

Tanda ko nung nakipagbreak sakin si Allen dati, tinanong ko sya kung bakit gusto nya ng itigil yung relationship namin, isa lang sinagot nya saakin.

"May iba na kasi akong gusto."

Ngayon, sa nakita ko at sa narinig ko, gets ko na yung sinabi nya dati. Babe pala ha? Maganda sya, bagay sila.

"Okay lang ako," sabi nung babae habang tumatayo na sila kasi napulot na nila yung mga gamit nito, inilagay nya lang ito sa loob ng locker nya at sinarhan na ito, "Tara na, babe."

"Sige, tara na." nakita kong umakbay pa si Allen dun sa babae at nagsimula na silang maglakad pero pagharap nila saakin, alam ko nakita ako ni Allen. Alam kong nagsalubong yung mga mata namin... alam ko, hindi ako bulag ni duling.

Pero inalis nya rin ang tingin nya at masaya syang nakipagusap sa girlfriend nya habang nakaakbay sya dito at naglalakad na sila paalis, sa direksyon ko ang labasan sa corridor kaya nadaanan nila ako.

"Bakit?" narinig kong tanong ni Allen.

"Eh kasi sabi ng pinsan ko ganun daw yun! Ang kulit nuh? hahaha!"

"Ang kulit nga! haha!" tumatawa sila, mukhang ang saya ng pinaguusapan nila.

Dumaan sila saakin, ah hindi pala, hindi sila dumaan saakin, nilagpasan pala nila ako. Bakit, anong sa tingin ko, titigil sila? Titigil si Allen? Bakit naman? Anong meron para tumigil sa harap ko? Ah, wala nga pala. Hindi nga pala kami magkakilala.

Pero nung dumaan sila sa tabi ko at naririnig ko yung masaya nilang tawanan, naiinggit ako. Nagseselos ako. Ganun ba kami dati ni Allen? Hindi siguro, hindi kami bagay eh. Sila, bagay sila. Bagay na bagay sila.

"Sana masaya sila sa isa't isa." naibulong ko na lang sa sarili ko yun habang pinapahid ko yung luha kong tumutulo sa mga mata ko.

----

"Hindi mo ba talaga ako masasamahan, Kate?"

"Pasensya na talaga, Sena. May tatapusin pa kasi akong project eh bukas na talaga yung deadline. Sorry talaga ah, babawi na lang ako bukas."

"O sige na nga, bukas na lang. Bye." ini-end ko na yung call at pinagpatuloy ko na lang magswing ng mahina. Nasa school pa rin ako kahit 6pm na, nandito ako sa may playground, wala na masyadong mga tao, mga umuwi na. Yung mga may practices, clubs at meetings na lang ang natira sa school. Wala naman akong practice ng taekwando sa araw na 'to pero pinrefer ko talaga magstay muna sa school. Wala pa kasi akong ganang umuwi. Ansama pa rin kasi ng pakiramdam ko, gusto ko sanang maggala sa kung saan kaso wala akong kasama, si Kate sana kaso busy sya.

Ang loner ko. Ang lungkot tuloy.

Pag gantong tahimik, pag gantong nagiisa ako... lahat naiisip ko. Lahat naalala ko... lahat.

Naramdaman kong may tumulong luho, feeling ko magdidiretso nanaman ang luha ko pero hindi natuloy dahil nadistract ako ng isang music...



Click here to hear the music: <http://www.youtube.com/watch?v=We1AQetsAx4>

♪♪ yuuuuuuh~~

tententen~~♪♪

Familiar sakín yung music, ang alam ko yun yung intro ng Crank That ng SouljaBoy.

~~♪♪ Soulja Boy Off In This Hoe

Watch me Crank And

Watch me Roll

Watch me Crank Dat Soulja Boy

Then Super Man Dat Hoe

Now, Watch me Yua....

(Crank Dat Soulja Boy)

Now, Watch me Yua....

(Crank Dat Soulja Boy)

Now, Watch me Yua....

(Crank Dat Soulja Boy)

Now, Watch me Yua....

(Crank Dat Soulja Boy) ~~♪♪

"OMG!" nabigla na lang ako ng lumabas si Trey na may hawak na phone sa left hand habang nagsasayaw nung step ng Souljaboy kung saan tinataas taas ang kamay pati isang paa habang nagiistep sa isang side. Mukha syang tangang ewan pero ewan ko, sobrang natatawa ako sa ginagawa nya.

"Yuuuuuu~~♪♪" bigla syang lumapit sakin at hinigit ako patayo sa kamay ko.

"O-oy!"

"Yuuuuuu~~♪♪ Souljaboy wamiuuuu~~♪♪" kumakanta kanta pa sya habang sumasayaw, "Dali sabayan mo ako."

"Ha? Ayoko nga, magsayaw ka magisa mo. Mukha kang tanga! HAHA! Bakit ka ba nagsasayaw out of the blue?"

"Yuuuu~♪" hinawakan nya yung kamay ko at itinaas nya 'to at ginalaw galaw para sumayaw ako, "Souljagirl, sayaw naman dyan! Yuuuu~♪ wamiwamiyuuu~♪"

"HAHAHA! ANO BA!" pero kahit mukhang nagpoprotesta ako sa kanya eh natatawa na lang ako at in the end nakisayaw rin ako sa kanya. "Wami wami yuuu~♪"

Mukha kaming mga tanga dun na nagsasayaw, nakanta at nagtatawanan. Buti nga wala pang nadaan na kahit sino dun eh kundi nakakahiya talaga kami. Nung matapos yung kanta, halos hapong hapo kaming tumatawa pagkaupo sa swing.

"Grabe, nakakapagod yun ah! hahaha!" habol habol ko pa rin ang hininga ko habang tawa ng tawa.

"Oo nga eh, pero ang saya nuh?" kahit sya, habang nasa tabing swing ko, tawa pa rin sya ng tawa.

"Oo! Sobra! Para tayong mga baliw! haha!"

"Ikaw lang! hahaha!"

Pinalo ko sya sa braso pero mahina lang at pabiro, "Napaka! Ikaw kaya! Ikaw dyan biglang susulpot at sasayaw out of the blue eh!"

"Nakita kasi kita dyan, nagsesenti eh! Mukha kang emongoloid, hindi bagay! haha!"

"Mas mongoloid ka! hahaha! Pero thank you ha, nagenjoy ako sa kabilawang yun! Pero jusme naman, makaluma ka naman masyado. Souljaboy pa yang nasa cellphone mo? 2000 something pa yan ah? Lumang luma na yang kanta mo eh."

"Sorry naman! Nagagandahan ako dito eh. Wait," yumuko sya tapos may pinulot na piraso ng papel dun sa ilalim ng swing, "Iyo ata 'to, nalaglag pag upo natin."

Inabot ko yun at tinignan kung ano, "ah eto ba. Thank you, buti nakita mo agad. Ayoko kasi mawala 'tong mga 'to."

"Ano ba yan?"

"Ah eto? Letter. Alam mo kasi, may isang someone na nagdadala sakin ng letters. Sabi nya tutulungan nya akong makalimutan ang ex boyfriend ko and since then, nagpapadala na sya ng letters telling me ways to forget my ex."

"Weh? Sino naman yan? Saka effective ba?"

"Ewan ko kung sino pero oo nuh! Effective!"

"Talaga lang ha? Bakit nakalimutan mo na ba si toot?"

"Medyo..." mahina kong sagot.

"Pag tinanong mo na pala pag nakalimutan mo ang isang tao, pede na palang isagot ang medyo? Ano naman kaya yun? Medyo nakalimutan mo na? Meron bang ganun? Medyo nakalimutan?"

"Ewan ko sayo. Basta ako naniniwala ako sa mga letters na 'to, sabi nya may 11ways sya eh. Ito pa lang yung 3rd eh at kung susunurin ko siguro 'tong mga 'to at nakaabot ako hanggang sa huling letter, I'm sure I'll completely get over him."

"Oh. Eh ano bang nakalagay dyan sa letter?"

Pinakita ko sa kanya, "Indulge yourself."

"Ha? Induge yourself? Nakakanosebleed naman yan, wala bang tagalog translation?"

"Sira ka talaga! Ang ibig sabihin nyan--"

"Alam ko, alam ko! Joke lang naman noh syempre nagets ko. So in what or how will you indulge yourself naman?"

"Hmm. Alam mo, right timing ka. Pede mo akong samahan? Shopping tayo."

----

As expected, pumayag nga si Trey na samahan ako sa pagshopping though I think shopping is not his thing, obviously. He's a guy afterall.

"Maganda ba?" pangseventy whatever na tanong ko na ata sa kanya ang gantong tanong eh, kanina pa kasi kami pasok ng pasok ng mga dress shops at kanina pa ako nagtatanong if maganda ba yung damit or bagay ba. I think nagsasawa na nga ata sya sa katatanong ko eh.

"Maganda ka." yun na nga lang yung sinasagot nya kaya bumuntong hininga na lang ako.

"Sige na nga, tama na sa mga dresses. Samahan mo naman ako sa parlor."

"Eh?"

"Gusto ko sana magpagupit ng buhok."

"Ganun ba? O sige sabay na tayo."

"Ha?"

"Balak ko sanang magpagupit na din eh since humahaba na rin yung buhok ko," hinawakan nya pa yung dulo ng buhok nya to check it, "pero sa sabado pa dapat pero it doesn't make difference naman eh so sabay na tayo magpagupit. Saan ka ba nagpapagupit?"

"I prefer Ricky Reyes."

"O sige, halika na." hinigit nya na yung kamay ko. Actually, I really feel awkward when he takes my hand and we walk with intertwined hands. A part of me wants to take it away and another wants me to let it like that, I just don't understand myself right now.

"Hi maam, hi sir!" ginreet kami nung bakla dun sa may parlor, "Papagupit?"

"Yeah, kaming dalwa." sabi ni Trey na hindi pa ring binibitawan yung kamay ko.

"Hali po kayo dito." ini-lead kami nung bakla sa magkatabing vacant seat. Tinanggal ko na yung kamay ko sa pagkakahawak ni Trey since kelangan nanamin umupo dun sa magkatabing vacant seat. Maya maya lang may dumating ng dalwang parloristang maggugupit samin. Parehas naman silang babae, yung baklang sumalubong samin sa entrance kanina eh bumalik na ulit sa entrance dun at nagbasa ng magazines.

"Anong gusto mong hairstyle, hija?" tinatanong ako nung maggugupit sakin, narinig ko rin na tinatanong rin si Trey nung maggugupit sa kanya.

Bigla nya akong tinawag, "Sena,"

"Oh?" lumingon naman ako sa kanya.



"Wag mo masyadong gugupitan buhok mo, yung mga hanggang dito lang," tinuro nya yung balikat nya, "Tapos magpabangs ka," nilagay nya naman yung kamay nya sa tapat ng noo nya para magsign ng bangs, "bagay sayo."

"Ikaw, magpakalbo ka ah? Bagay sayo."

Tumawa lang sya dun sa sinabi ko pero bago sya umayos ng upo, "Bast ha? Wag mo masyadong iiklian at magpabangs ka."

Tapos nun, kinausap nya na yung maggugupit sa kanya at nagbasa na sya ng magazine. Ako naman, sa hindi ko magets na dahilan, sinunod ko naman yung sinabi nya. Nagpabawas lang ako ng mga 1 and a half inches tapos nagpabangs ako.

Nauna syang natapos since mas matagal shampoohin, patuyuin at kung anu ano pang etchos ang ginawa sa buhok ko since mahaba nga at ganun talaga pag sa babae. Samantalang sa kanya, madali lang shampoohin tapos madali lang matayo at konting gupit lang ang ginawa sa kanya eh tapos na sya.

"Oh ayan, tapos na maam." tinignan ko yung buhok ko sa salamin sa harap ko, hinawak hawakan ko pa nga yung bangs ko sa harapan ko eh. Nakakapanibago kasi eh.

"Diba sabi ko sayo bagay?"

"Oo nga noh." tatayo na sana ako nun kaso pinigilan nya ako.

"Wait lang, hindi pa tayo tapos."

"Ha?" nakita kong umupo ulit sya dun sa pinaggupitan nya kanina na sa tabi ko lang.

"Pakulay tayo ng buhok!" nagwink sya saakin.

"Ha? Baliw ka ba? Ayaw ko nga saka wala na akong pambayad nuh!"

"Naman 'to oh, wag kang kj. Light brown lang naman eh, hindi naman halata saka libre ko naman eh. Daliiii na!"

Umayaw man ako ng umayaw, sa huli wala na akong nagawa. Sobrang mapilit nya kasi eh.

Ang daldal nya habang nakaupo kami dun, andami dami nyang kinukwento. Yung mga nangyari sa school nya, sa bahay nya, sa kapitbahay nila, sa friends nya, sa barkada nya, sa tambay sa kanto nila, sa aso nya kahit nga sa bituki sa kisame nila. Ewan ko, hindi sya nauubusan ng kwento. Pero kahit medyo naeewan ako sa madaldal at makulit nyang attitude, ang totoo nyan, natutuwa ako sa kanya kasi sa ngayon, gumagaan yung pakiramdam ko. Nawawala sa isip ko yung mga sakit na kanina lang eh nararamdaman ko, hindi ko naiisip yung taong yun. Nakakatulong ang presence ni Trey ngayon. Nageenjoy ako.

Nung matapos kaming magpakulay, nagbayad na kami sa counter pero syempre sya nung nagbayad sa pagpapakulay ng buhok ko dahil sya naman nagpumilit nun eh.

"Wow, parehas kayo ng kulay ng buhok. Alam nyo ba, bagay kayo?" kinikilig yung baklang nasa counter habang nagbabayad kami.

Umakbay naman sakin si Trey, "Bagay kami nuh?"

"Yes sir, super bagay."

Inalis ko yung kamay ni Trey, "Hindi kami bagay, tao kami."

"Ayy, bakit ata ang sungit ng girlfriend nyo sir?"

"Meron eh," pabulong na sabi ni Trey habang nakatakip yung kamay nya sa bibig nya, bulong na sinasadya nyang marinig ko.

"Mukha mo." nung makuha ko na yung sukli ko, lumabas na ako ng parlor at iniwan sya. Sinundan naman nya ako.

Pagkatapos nun, nagshopping ulit kami sa mga damitan, sapatos at bags. Marami rami rin akong napamili at lahat yun, sya yung nagdadala. Hindi ko sya pinilit dalhin yun, sya yung nagvolunteer magdala lahat ng bags.

Nung nasa isang store kami, may pinakitang damit sakín si Trey, "Bilhin natin 'to!"

Nung tinignan ko yung shirt, nakita ko couple shirt sya. Sa guy shirt may malaking heart na design sa unahan tapos may arrow na nakaturo sa left tapos yung sa girl shirt, may malaking heart din na design tapos may arrow din pero nakaturo sa right.

"Ayoko."

"Pleeeaaaase? Ako magbabayad. Dali na, t-shirt lang naman sya diba? Pleaaase na."

"Ayaw."

"Please naman oh? Suot lang natin sya ngayon. Let's say, bayad mo na 'to sakin."

"Ha? Bayad? Kelan ako nagkautang sayo."

"Hindi naman sa utang," he scratches his head, "Yun bang sinamahan kita ngayon, atleast for an exchange, payagan mo akong bilhin 'to tapos isusuot natin sya ngayon?"

"Ayoko." plain na sagot ko.

"Please nanaman oh?" super nagmamakaawa na sya nun pero matigas pa rin ako at hinindian ko pa rin sya at tumalikod na para tumingin sa ibang dress.

Pero nung sumilip ako sa kanya, nakita ko malungkot nyang binabalik yung t-shirts sa pinagkuhanan nya kanina. Malungkot talaga sya. I felt bad tuloy, I mean diba pinapasaya nya naman ako ngayon sa araw na 'to? Kanina sobrang lungkot ko at kung hindi sya dumating kanina baka nagkatotal breakdown na ako. Sinamahan nya ako at tinulungan nya akong ma-enjoy yung araw ko ngayon tapos look what I'm doing, mukhang sinisira ko yung araw nya kasi malungkot sya. He was just asking a little favor pero tinanggihan ko, I really feel bad about it...

"Tara na, bilhin na nga natin," in the end, hindi ko talaga sya natiis at nilapitan ko sya at kinuha sa pagkakasabit yung dalwang shirt at hinigit sya sa may counter, "ikaw magbayad ah, wala ako pera."

Tinignan nya lang ako at tinitigan, "Oh? Bibilhin mo ba o hindi? Pag hindi ibabalik ko na."

Aktong ibabalik ko na sana yung t-shirts pero pinigilan nya ako at ngumit, "A-ah! Hindi! Bibilhin ko sya!"

Nung nabili na nya yun, sinabi nyang magpunta kaagad kamin sa public cr ng mall para magpalit sa shirts na yun. Tuwang tuwa sya nung makita nyang suot ko yun, sabi nya magpacticure daw kami dun sa may booth.

"Dali, pili ka ng background." excited na sabi nya habang nagpipindot dun sa screen sa may loob ng booth.

"Eto,"

"Wag yan, ang gay. Butterflies? Wag naman."

"Edi ito na lang,"

"Hearts?" binigyan nya ako ng nandidiring tingin.

"Eh anong gusto mo? Wag mo na lang kaya akong tanungin kung ayaw mo ng suggestion ko." ang kulet kasi nya eh, ayaw nya sa mga pinipili ko.

"O sige na nga, ito ng hearts." kinlick nya na yun at sinet na sa 5shots, "Ok, 1,2, 3!"

Yung shots, dire-diretso sya kaya every 3 seconds dapat magpalit kami ng pose.

First pose, nakangiting simple lang.

Second pose, nakadila kaming parehas with rock and roll sign.

Third pose, nakapeace sign ako habang nakapeace sign rin sya pero nakalagay sa taas ng ulo ko, sinusungayan nya ako.

Fourth pose, wacky sya. Nagduling dulingan kami tapos nakatwisted yung tounge namin tapos yung hands namin, basta na lang.

Pero sa fifth shot, hindi ko ineexpect yung pose na nagawa namin. Bigla nya akong kiniss sa cheeks at lumabas agad sa booth para kunin yung shots na lumabas. Naiwan tuloy ako sa loob ng nabigla at hawak hawak yung pisngi ko na hinalikan nya.

"Look! Ang ganda nung mga shots natin!" natauhan lang ako nung narinig kong sumigaw sya mula sa labas, sinampal sampal ko sarili ko at ikinompose ko rin sarili ko at saka lang ako lumabas, nakita ko sya na kina-cut na yung pictures tapos inabot nya sakín yung limang copies," 2copies each ginawa ko, bigay ko sayo yung other copies."

Inabot ko naman yun at tinignan, naiilang talaga ako pag nakikita ko yung fifth picture.



"Wag mong iwawala yan ha, ako ididikit ko likod ng cellphone ko yung fifth photo." tinanggal nya yung fifth photo at dinikit nya nga ito sa likod ng cellphone nya, pinakita nya 'to sakin, "Tadaaa!"

Tumalikod lang ako kasi feeling ko namumula ako or something, ewan ko kung bakit, "tara na nga! Magkaraoke nga tayo! May nakita ako dun eh!"

Sinabi ko lang dahil gusto kong makalimutan yung 5th photo. Nararamdaman ko pa rin kasi yung lips nya sa pisngi ko.

--- Nung nasa karaoke kami, tawa ako ng tawa. Sintunado kasi si Trey eh pero super feeling pa rin. He's actually singing to the top of his voice, buti na lang room by room ang karaoke dito at sound proof, kaya ako lang ang nabibingi sa boses nya. Feeling pa nga sya eh, natutuwa sya pag nakikita nyang 98 or 99 ang binibigay sa kanya ng karaoke tapos sasabihan sya ng karaoke ng "you're awesome!". Kahit sabihin ko sa kanyang ganun lang talaga lahat ng karaoke at may topak ang mga karaoke, ayaw nyang maniwala. Sabi nya, magaling lang daw talaga syang kumanta.

Tumawa na lang ako sa kakulitan nya. At sinabi ko rin sa kanyang, lalabas lang ako para bumili ng makakain sa may counter sa labas.

Paglabas ko, hindi ko inaasahan ang makikita ko. Sa katabing room kasi namin, may kalalabas lang din eh. Dalwa sila at kilala ko sila. Nanlaki lang yung mga mata ko at namutla ako.

Napatingin sila saakin at nakita nila ako, napansin kong nabigla din si Allen. Nakita naman nung babaeng kasama nya na nabigla si Allen at nakatingin ito saakin.

"Babe, d'you know her?" nakayakap yung girl sa bewang ni Allen.

"Ah, y-yeah. Schoolmate natin." schoolmate? That's cool. :|

"Ah really? Hi!" humarap saakin yung girl at ngumiti, "Taga school ka din namin? Ngayon lang kita nakita, anong year mo? Friend ka ba ni Allen? Ako nga pala si Lala, kung friend ka ni Allen sana friend na rin tayo. Gusto ko kasi friend ko rin lahat ng friends ng boyfriend ko."

Nakangiti sya sakin, pure yung ngiti nya at mukhang mabait sya. Maganda sya at mukhang mabait, no wonder iniwan ako ni Allen. She's perfect and I'm way different than her, i'm nothing compared to her.

"A-ah, hehe. Nice meeting you, L-L- Lala." nabubulol pa ako sa pagsasabi ng name nya. Natetense kasi ako eh.

"Sena, nakalimutan mo wallet mo! Paano ka bibili kung wala--" biglang lumabas din si Trey at napatigil sya sa pagsasalita ng makita kung sino ang kausap ko sa labas.

"Ah Trey," sabi ni Allen.

"Ah Allen, ikaw pala."

"Who's he Allen?" tanong ulit ni Lala.

"Classmate ko naman, si Trey."

"Hi Trey! Ako pala si Lala." mabait na pagpapakilala ni Lala. Ang friendly nya, isa siguro 'to sa mga nagustuhan ni Allen sa kanya. Bakit ba sila nasa harapan ko? Bakit ba ang perfect ng babaeng pinalit nya sakin? Bakit wala akong maipintas dito? Nasasaktan ako.

"Ah, hello Lala." ngumiti lang ng pilit si Trey, alam ko naiintindihan ni Trey ang situation kaya para sa kanya awkward din ito. Si Lala lang ang hindi nakakagets.

"You two going out? I'm glad for you guys." did Allen just congratulate me or something? He's glad to see me with another guy. Isn't he jealous or what? Sana man lang, magselos sya kahit konti. Kahit konti lang...

"No, he's just a friend." diretsong sabi ko, hindi ko na rin pinasagot si Trey, "Eh kayo?"

"Yeah, Lala's my girlfriend." diretso nya ring sabi, hindi man lang ata nya iniisip kong masasaktan ako o hindi.

I flinched a bit pero kinontrol ko sarili ko, ngumiti ako at sinabing, "I'm glad for you guys."

"Sige, mauna na kami sa inyo." nilagpasan ko sila at once nakalabas na ako ng karaoke, tumakbo na ako.

Tinatawag ako ni Trey pero hindi ko sya nililingon. I just want to run, run as fast as I can, run to wherever my feet drag me, ran as long as I can.... I just need to run right now because if I stop, I might cry.

This sucks, I always cry.



11 Ways to Forget Your Ex-boyfriend [way---5]

[www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

Pagkatapos nung gabing yun na tinakbuhan ko lang si Allen pati na rin si Trey, hindi na ulit ako nakipagkita kay Trey. Hinabol nya kasi ako eh.

Flashback

"Wait lang Sena!" nung mahabol nya ako hinawakan nya ako sa braso para hindi na ako makatakbo, sinubukan kong alisin yung kamay nya pero hindi ko nakayang tanggalin ito. Nawalan na ako ng lakas at napaluhod na lang habang hawak nya pa ring ang braso ko, nagtuloy tuloy ng bumagsak ang luha ko.

"Bakit?! Bakit mo ako pinigilan? Ayan tuloy napaiyak ako! Kung hinayaan mo na lang sana akong tumakbo edi sana hindi ako napaiyak! Nung tumatakbo ako hindi ako naiiyak! Alam mo bang pag tumigil ako sa pagtakbo maiiyak lang ako? Ayoko ng umiyak!"

Binitawan nya na ang pagkakahawak nya sa braso ko, "Sige, tumakbo ka na ulit. Sa tingin mo ba, habambuhay ka na lang tatakbo? Walang masamang umiyak, tandaan mo hindi ka pedeng tumakbo habambuhay. In the end, ikaw lang ang mapapagod sa katatakbo. Pag may humahabol sayo, sana man lang bigyan mo ng chance na pigilan kang tumakbo."

Tumalikod sya nun, nilagay nya yung mga kamay nya sa bulsa nya, "Sige, tumakbo ka na ulit. Hindi na kita hahabulin at pipigilan."



Iniwan nya na ako pagkatapos. Hindi ko alam pero sa mga sinabi nya, mas lalo akong naiyak. Hindi ko na nagawang tumakbo, naiwan ako dun na nakaluhod pa rin. Mukha akong tanga...

Pag nasa school kami, sinusubukan kong umiwas sa kanya, mukhang ganun din sya dahil hindi talaga kami nagkikita since then. mag-tu-two weeks na nga ang nakakalipas eh. Hindi nya na rin ako tinetext tapos pag nasa taekwando club naman, sobrang formal nya sakín na para bang hindi nya ako kilala. Pag nagsasalubong kami sa corridors, hindi nya rin ako ginigreet. Parehas kaming umiiwas sa isa't isa. Ano bang ginawa ko? At bakít ba ako affected sa hindi nya pag pansin sa akin? Minsan hindi ko na lang talaga magets ang sarili ko...

#### #5. Meet new people

Ito yung sumunod na nareceive ko sa locker ko. Minsan naiinis ako sa mysterious sender na 'to, ano ba kasi talaga ang purpose nya? I mean kung gusto nya namang makatulong diba sana nagpapakilala na lang sya sakín? Ang totoo kasi nyan, gusto ko syang makilala at makausap, gusto kong humingi ng advice sa kanya. Gusto ko mas iexplain nya pa 'tong mga letters nya sakín. It's really hard to just rely with these one liners, they are so vague and ambiguous. Like this one, meet new people? In what sense?

Sabi sa kinatawan ni Kate, baka daw ang ibig sabihin sa letter ay makipagkilala ako sa bagong mga tao, ibig sabihin nun, makipagsocialize ako sa iba, sa mga taga ibang school or ibang studyante na hindi ko kilala. Sabi rin ni Kate, baka ang ibig sabihin ng sender ng letter ay, makipagdate ako sa taong hindi ko pa kilala which clearly means, blind date.

I don't really approve blind dates, I just hate talking and going out with strangers. Kaya nga nagkaproblema kami ni Kate eh, ini-insist nya ako na makipagblind date daw dun sa cousin ng friend ng boyfriend nya.

"Ayaw ko nga sabi eh, im not going out with someone I don't know!"

"Dali na Sena! There's no harm in trying naman eh!" kinukulit talaga ako ni Kate sa blind date na yun. Um-oo na kasi sya, sinabi nya na sa boyfriend nya na pumayag na daw ako. Tama ba namang um-oo para at magdesisyon para sa kinatawan? Argh. Minsan nakakairita lang talaga 'tong bestfriend ko, masyadong pushy.

"Anong no harm? Eh paano kung rapist yun? Paano kung psychopath yun?"

"Oo mo naman!" medyo nilayo ko yung phone sa tenga ko, sumigaw kasi sya eh.

"OA ka dyan?! There are possibilities nuh! Hindi ka ba tinuruan ng mga parents mo nung bata ka pa na don't talk to strangers?!"

"Ano ba Sena! Super paranoid ka kahit kelan! Masisigurado ko naman sayong safe yun eh tsaka sa public place naman kayo magkikita so maraming tao sa paligid sa inyo, if ever may gawin sya sayong hindi maganda, sumigaw ka lang. Basta wag ka lang sasama sa kanya sa lugar na hindi matao. Ilagay mo lang ako sa speed dials mo para pag natrouble ka, dadating kaagad ako. Dali na Sena, diba tanda mo sabi dun sa letter kelangan mong makipagmeet ng mga bagong tao? Ito na yung chance! Malay mo itong makakablind date mo sya na pala talaga diba?"

Nagbuntong hininga ako at naggive up na sa kakulitan ni Kate, "O sige---"

"Yey!" hindi pa ako tapos magsalita nagcelebrate na agad ang bruha.

"Teka, may conditions!"

"Anong condition naman?"

"Wag mong sasabihin dun sa kung sinuman yung makakablind date ko ang name ko, magimbento ka ng name. Tapos wag mo rin bibigyan ng picture ko, idescribe mo lang yung isusuot ko sa araw na yun."

"Eh? Bakit naman?"

"Para safe ako! Para pag nameet ko dun at sa tingin ko hindi katiwa tiwala or hindi ko type, pede agad akong tumakas by denying to him na ako yung hinahanap nya."

"Ay ganun? O sige na nga, magiimbento na lang ako ng name mo. Pero wala ng atrasan ah?"

"Sure, sure."

----

Saturday, 2pm sa may mall. Napagusapan na ang isusuot ko ay red shirt na may heart design tapos jeans short at converse shoes na may maliit na body bag na color violet. Pero hindi ang sinuot ko talaga na red shirt ay walang heart design, actually statement shirt na red ang sinuot ko. Iniba ko talaga para kung sakaling makita ko na nga yung makakablind date ko na nakablue pants, at naka green striped shirt at rubber shoes na may wrist band na red na may ALL STAR na nakasulat eh matataguan ko kaagad sya or makakapagdeny kaagad ako sa kanya na ako ang kadate nya kung saka sakaling hindi ko magustuhan. Hindi na kasi ako nagbother na humingi ng picture nya, diba nga hindi naman talaga ako interested sa blind date na 'to?

Napagusapan din na magkikita kami sa may bench sa may tapat ng kodak sa may mall. Nauna ata ako kasi wala namang nakaupo dun sa bench.

Medyo naiinis na ako kasi late na sya ng 10minutes. Sabi ko sa sarili ko na pag nalate na sya ng 30minutes ay aalis na talaga ako. Hanggang 30minutes lang ako magiintay sa taong yun. Actually ayaw ko talagang magintay pero sabi ni Kate na pag nalate daw kadate ko, magpromise daw ako na magintay kahit 30minutes lang. Wala na akong nagawa kundi um-oo.

Pero sa hindi kalayuan habang nagiintay ako, nabigla na lang ako ng makita ko si Allen. Parang may hinahanap sya sa paligid habang naglalakad sya papunta sa direksyon ko, hindi nya pa ata ako napapansin dahil palinga linga nga sya sa paligid na wari mo'y may hinahanap.

Nung tumingin na sya sa direksyon ko, nabigla sya pero hindi sya kumaway sakin or nginitian ako, nagdire-diretso lang sya sa paglalakad papunta sa direksyon ko. Umupo sya sa bench kung saan ako nakaupo pero may malaking space between samin, sa kabilang dulo kasi sya umupo.

"Hi." nabigla ako ng marinig kong sabihin nya yun pagkaupo nya. Hindi pa nga ako sumagot agad, akala ko kasi hindi ako.

"Ako ba kausap mo?" hindi ako lumilingon sa kanya.

"Yeah..." yun lang yung sinabi nya. Hindi na naman ako nakaimik pagkatapos nun. Nagkaroon ng katahimikan samin. Gusto ko na sanang umalis at wag ng intayin yung kablind date ko kaso nga nagpromise ako kay Kate, sabi nya magagalit sya pag hindi ako tumupad sa usapan. 20minutes na lang naman akong magiintay, hindi naman siguro magtatagal si Allen dito diba? Baka may inaantay lang sya, baka si Lala... Ewan ko. Basta hindi dapat ako magpa-affect sa presence nya.

"Weird." nabigla nanaman ako ng magsalita sya pero hindi ako umimik baka kasi hindi naman ako kausap nya, baka kinakausap nya lang sarili nya.

"Alam mo ba, katulad ng suot mo yung pinapahanap sakin?"

Napatingin ako sa kanya this time, nagtataka yung mukha ko, "What?"

"Ah wala," tumawa lang sya habang umiiling na nakatingin sa semento, "Malabo, unless Sarah ang name mo."

"S-sarah?" ewan ko kung tama ba ang naririnig ko pero ang alam ko, Sarah ang binigay na name ni Kate sa kablind date ko.

"Hindi naman heart ang design ng shirt mo eh," bigla nyang winave yung kamay nya, "Ah wala, wala. Nevermind."

Sarah? Tapos heart na design? Hindi naman sya ang kablind date ko right? Kahit pa andito rin sya sa same spot at the same time. Hindi naman James ang name nya, yun kasi name ng kablind date ko. Tapos hindi naman sya nakagreen striped shirt, nakablue nga sya eh tapos hindi naman striped! Hindi sya yun, I'm sure.

"Are you waiting for someone?" bakit ba sya tanong ng tanong?

"No, actually paalis na ako. Sige ah, bye." tumayo na ako nun, meron akong hindi magandang pakiramdam sa nangyayari eh kaya napagdesiyunan ko ng umalis.

"Sige, bye." naglalakad na ako palayo ng bigla ko syang maringi magsalita, may kausap ata sya sa telepono, "Hello James?"

James? James ang pangalan ng kausap nya sa phone?

"Yeah. wala pa rin eh. 15minutes na ngang late eh. Sigurado ka bang sisipot 'tong Sarah na 'to? May number ka ba ng kablind date mo? Ah sige, isend mo sakín, ge bye tatawagan ko pagkareceive ko ng number."

Binaba nya yung phone tapos maya lang ng konti, narinig kong tumunog yung phone nya, may nagtext sa kanya, nareceive nya na ata yung number. Ako naman, binilisan ko na talaga ang paglalakad ko, sobrang kinakabahan ako. Parang nagegets ko na hindi yung situation.

\*say ok by vanessa hudgens\*

♪♪ You are fine, you are sweet

Fine, I'm still a bit naive with my heart

When you're close, I don't breathe

I can't find the words to speak and I feel sparks



But I don't wanna be into you  
If you're not looking for true love  
No, I don't wanna start seeing you  
If I can't be your only one, so tell me ♪♪

Bigla na lang tumunog yung cellphone ko mula sa bulsa ko, kinuha ko 'to at pinagmasdan ang screen. Unknown number ang tumatawag.

♪♪ When it's not alright, when it's not ok

Will you try to make me feel better?  
Will you say alright? Will you say ok?  
Will you stick with me through whatever  
Or run away? ♪♪

Mula sa likod ko may narinig ako, "Sarah? Sena?"

Hindi pede 'to. Hindi sya ang kablind date ko, hindi ang ex-boyfriend ko. Sabi ko na nga ba, hindi magandang idea 'tong blind date na 'to eh.



[ 11 Ways to Forget your Ex-boyfriend --- way 6 ]

[www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

“Sarah? Sena?”

“H-ha? Sena lang pangalan ko. O sige alis na ako.” tumalikod na talaga ako, gusto kong tumakas.

“Wait Sena!” hinawakan nya ako sa braso ko, naramdaman ko yung kamay nya sa balat ko. Ewan, nanlambot ako at kinabahan, biglang namiss ko yung pakiramdam ng pagdadaop ng balat namin, lalo na yung mga times na naglalakad kami ng magkahawak kamay o kaya nakaakbay sya sakin. AAH! This is not even the time to reminisce! >.<

“Bakit? May kelangan ka ba? You see I'm in a hurry kaya kung may sasabihin ka, bilisan mo.”

“Ikaw ba ang supposed blind date ni James?”

“James who?” I pretended, “Tsaka do I look like blind to you? Like duh, blind dates are for blind people and I'm not even one.”

He chuckled, “I don't know if you're trying to be witty or sarcastic but that was a good shot though, haha!”

“Okay, times up. You're wasting my time, sabi ko na im in a hurry at dahil mukha kang walang sasabihing matino, babye na!”

“Teka, teka. Ikaw nga dyan hindi nagsasabi ng mga bagay na matino eh, I asked you properly if you're James' blind date. Now, I don't want to hear silly jokes.”

Tinaasan ko sya ng kilay, “Silly jokes? Who was kidding with whom? Ewan ko sayo basta wala akong kilalang James.”

Hindi sya convinced sa sinabi ko, nagdial sya sa phone nya at ilang segundo lang eh tumunog yung cellphone ko.

“See?”

“What?!” I am a bit panicky.

“It's not impossible that you know James 'coz he gave me your number, “

Ewan ko, may mali dun sa phrase nya na sobrang ikinainis ko, "Ah ganun? When you received it, did you not even realize that it was my number before calling? This is unfair, ako all this time, saulo ko number mo pero ikaw, you don't even recognize my number?"

"W-what Sena?" he was shocked and I was too. Natakpan ko na lang yung bibig ko, hindi ko alam yung mga pinagsasabi ko, bigla na lang silang lumabas ng kusa sa bibig ko, dala na rin ata siguro ng damdamin pero paano na 'to? Now I'm too obvious, he'll know that I'm still madly deeply crazily inlove with him. I wish there's CTRL + Z, an undo button.

Panic. Panic. Ah!

"WAIT!" sumigaw ako pero yung enough lang para masabing malakas sa pandinig nya.

“WHAT?” nabigla sya sa sigaw ko.

“LOOK! MANANANGGAL!” tinuro ko yung sa taas sa likod nya.

“HA? WHERE?!” napalingon sya sa likod ko and naluwagan nya ng hindi namamalayan ang hawak nya sa braso ko at ginrab ko na yung chance ko para tumakbo.

“Wait! Sena!” tinatawag nya ako pero hindi ko sya nililingon, ayoko sa kanya, ayoko syang makasama, ayoko syang makausap, ayoko syang makita, basta ayoko sa kanya, ayoko ng malapit sa kanya kasi hindi masarap yung pakiramdam ng malapit ka sa taong gusto mo pero para namang nasa kabilang ibayo sya ng mundo.

“Sena! Saglit lang, may sasabihin ako!” tinakpan ko ang mga tenga ko habang tumatakbo palayo para atleast hindi ko marinig ang sigaw nya, “Sena alam mo ba----”

Hanggang dun na lang yung narinig ko. Buti na lang kasi ayaw ko pang may marinig mula sa kanya kasi kung anuman yun, gusto kong mawalan na ng pakelam dun dahil gusto kong tanggapin sa sarili ko na hindi na ako mahal ni Allen. Gusto kong tanggapin sa sarili ko na tapos na yung fairytale namin, tapos na yung forever namin. Tama nga ang sabi noon ni Kate, ang salitang FOREVER eh parang term lang din na UNLIMITED ng SUN, GLOBE AT SMART, ginamit nila ang isang word na ang ibig sabihin ay WALANG KATAPUSAN when the real deal is, bukas makawala, WALA NA, TAPOS NA. Inside joke lang sya kumbaga.

Hindi naman ako hinabol ni Allen, bakit nga ba ako hahabulin? Pero ang totoo, umasa akong hahabulin nya ako eh pero kaso hanggang tawag lang sya. He's not really interested saakin. He must be thinking that running after someone like me is tiring. I guess, working out with the 5th way could have been a good idea if only it wasn't my ex. I can't even consider him a “new person”. Bah, this is drama. I'd better distract myself with other things. Well, I would still consider the 5th way though...

Nung 8pm na, nagdecide akong pumunta sa isang bar para iconsider yung 5th way, meeting new people? I guess madali lang maghanap ng “new people” sa isang lugar na tulad nito, marami palaging tao dito eh. Tsaka I'll be needing those so-called brokenhearted's beverages, alcohols. I guess, I'll be hitting two birds with one stone.

♪♪ J-LO!

It's a new generation

Of party people

Darling get on the floor

Darling get on the floor

Let me introduce you to my party people

In the club...

♪♪



I entered the bar with Jlo's & Pitbull's On the Floor playing. It was dim inside, the only light there comes from the disco ball in the center of the dance floor wherein lots of wild, crazy and drunk people are dancing in such unexplainable attitude. And whenever I look around at the tables and couches, there are some who are plainly chatting, arguing, kissing and even making love or something like that(?). It's not likely to be my first time but I'm not really a party girl so I don't really go in such place that often. Tsaka, I'm not used going to bars alone, usually kasama ko si Kate and uhh... yeah, dati si Allen din. Argh. That effin TOOOOT just won't get out of my effin mind. Darn you TOOOOT!

♪♪ I'm loose

And everybody knows I get off the train

Baby it's the truth

I'm like inception I play with your brain

So I don't sleep I snooze

I don't play no games so don't get it confused no

Cos you will lose yeah

Now pump it up

And back it up like a Tonka truck ♪♪

Nagdire-diretso lang ako sa may bar counter at umupo sa may stool dun.

“What can I get for you, maam?” sinalubong agad ako ng isa sa mga bartender dun habang nagpupunas sya ng isa sa mga drinking glass dun.

“Uhh...” I'm still undecided, I don't even know what to order, “Something heavy and fast... umm. I would want to drink some Vodka.”

“Do you want a pint or a glass of it?”

“I'd want a triple.”

“On the rocks or straight up?”

“On the rocks with a squeeze of lime, thank you.”

“Wait, I would want to ask, are you a minor?”

Ohnoes.

“Are you insulting me? Do I look like a little brat to you?” I'm only acting, this is what a friend of mine who always goes to bars taught me, sabi nya kasi pag tinanong ka daw ng bartender kung minor ka, just act cool and insulted at the same time, in that way matatakot ang bartender sayo kasi ayaw nilang manginsulto ng mga customers. Well, let's see if it'll work.

“A-ah! I'm sorry maam, I was just asking. You look so young though...”

“Well yeah, they often tell me such. I'm already 20 and d'you know how it sucks to be called a 16yr old girl?” and let's add some more acting! Haha!

“Oh, I'm sorry about that ma'am. Anyway, I'll serve your drink right away!” mehehe. Mission completed! I'm such an award winning actress. Mehehe. :D

Nung nakarating na yung drinks, dire diretso ko syang ininom. Nakakadalwa pa lang ako nahihilo na ako, hindi ako sanay uminom, during may occassions lang tsaka light drinks lang. Feeling ko din nagiiinit na yung katawan ko, kaya naman sinubukan kong hubarin yung jacket ko na suot ko kanina, nakasleeveless na lang ako ngayon na grey na may star na design sa gitna. Nakajeans naman ako at nakaheels na hindi masyadong mataas. Clean attire naman ako, nothing scandalous.

Pero dahil sa naiinitan nga ako at parang hindi mapakali sa gagawin at nawawala sa sarili, napagdesisyunan kong pumunta sa dance floor at nakipagsayaw kung kani-kanino. Hindi ko na nga alam ang nangyayari, may humahawak sakin pero hindi ko na din napapansin masyado, basta wala talaga ako sa sarili. Naiinitan lang talaga ako at medyo nahihilo, yun lang ang alam kong nararamdaman ko sa oras na yun. At ewan ko ba, talagang may urge yung body ko na magwala sa mga oras na yun kaya naman sayaw lang ako ng sayaw na parang tanga dun sa dance floor.

Hindi rin naman nagtagal, may biglang humila sakin paalis sa dancefloor.

“H-hey! Ano ba! Let me go!” pinipilit kong alisin ang kamay nya pero hinawakan nya lang ako ng mas mahigpit at inakbayan para hindi ako makapalag ng maayos.

“Shut up Sena.” nabigla ako ng sinabi nya yung pangalan ko.

“Ha? Do you know me? Do I know you?” sinubukan kong ifocus ang tingin ko sa mukha nya pero sadyang parang umiikot talaga ang paningin ko at hindi ko sya magawang makilala. His voice sounds familiar though pero dahil nga sa alak na nainom ko, hindi ko na talaga malaman ang mga meron at nangyayari sa paligid ko. Nakakabobo talaga ang mga inuming nakakalasing.

“Tss. How drunk can you be?” dinala nya ako sa bar counter. Hindi ko na alam kung anu yung mga sunod na ginawa nya, liyong liyo na talaga ako na para bang mga alingawngaw na lang yung mga boses sa paligid ko tapos parang nagdodouble visions na lang ako na basta, wala na talaga akong maintindihan.

“Here, read this when you're in proper shape.” hindi ko talaga nagets yung binulong nya sa tenga ko pero medyo naramdaman kong may nilagay sya sa bulsa ko. Ewan ko na talaga kasi nagising na lang ako kinabukasan sa kwarto ko na sobrang masakit ang ulo at pinapagalitan ng parents ko. Masakit na nga ulo mo, sinesermunan ka pa, aray naman. = \_\_ =

---

“Ma! Asan yung phone ko?” sigaw ko sa baba sa may sala, nasa may second floor kasi ako ng bahay sa tapat ng kwarto ko eh si mama nanunuod ng tv sa sala.

“Ewan ko sayo.” sigaw nya rin sakin.

“Eh ang tanda ko nasa jeans ko yun kagabi! Asan yung jeans ko na suot ko kagabi?”

“Tignan mo sa labahan, nilagay ko ata dun!”

Ay. Antungeks talaga ng nanay ko, lagay ng lagay ng mga damit sa marumihan ng hindi chinecheck ang laman ng bulsa kaya nga isang beses, nalabhan nya yung pantalon ni papa na may 5thousand sa loob kaya ayun, yung 5thousand nabasa, kinailangan pa namang iblower para maisalba. XD

Pumunta na ako sa labahan sa may banyo at hinanap na sa mga bundok ng damit na marumi yung jeans ko, nung nahanap ko na, kinapa ko yung bulsa at kinuha yung cellphone ko pero nung kinuha ko yung cellphone ko sabay may nalaglag na papel...

“Huh?” pinulot ko ito at nakita kung anong nakalagay.



#6. Entertain suitors

Paano nagkaroon ng letter sa bulsa ng jeans ko?

11 Ways to Forget your Ex-boyfriend --- 6 [way---6]

Hanggang ngayon sumasakit pa rin ang ulo ko sa kakaisip kung sino ba talaga yung mysterious sender ng letters. Hindi na sana magugulo ng ganto ang isipan ko kung hindi ko lang natanggap ang letter number 6 sa may balsa ng pants ko na sinuot ko nung araw na pumunta ako sa bar. What the eff?! I mean wala talaga akong matandaan, umm.. konti... pero hindi sapat yung konting natatandaan ko para masolve ko 'tong mystery na 'to.

#6. Entertain suitors.

Pinagmasdan ko ulit yung letter na kanina ko pang hawak, halos gusot gusot na nga eh.

"Ang hirap nyan i-solve, hindi pa man din handwritten. Pa-finger print test kaya natin, anong say mo?"

Sinapak ko(friendly sapak) si Kate, "Gaga. Magpapa-finger print test pa tayo para lang dito? Alam mo ba kung magkano yun? Sira ka talaga."

"Aray naman oh," hinimas himas nya muna yung parteng sinapak ko, "Eh that's the only idea I have. Sige nga, sa tingin mo paano mo masosolve yan?"

"Ewan ko. Pero ayaw kong magpafinger print test! Ang mahal mahal kaya nun unless ii-sponsor mo ako!"

"Mukha mo! Problema mo yan hindi naman akin, bakit ako gagastos."

"Idea mo eh!"

"Wag mo na lang isolve, hayaan mo na lang kung sino yan. Sundin mo na lang sinasabi dyan. I'm sure na balang araw, makikilala mo rin sya or magpapakilala din sya sa'yo. I don't believe na walang balak magpakilala yang taong yan, I know you're important sa taong yan kaya ginagawa nya yang mga yan... at alam mo ba?"

Bigla sya nagseryoso, "Sigurado ako kilala mo yang taong yan."

"Ha?!" hindi ko inexpect yun pero now that Kate had mentioned about it... maaari nga, that's not even impossible.

"That person might be someone who's always watching you."

"Talaga? Sino kaya sya..."

"Baka stalker mo! HAHAHA!"

"Sasapakin ulit kita, ang ewan mo talaga."

"Hala ka Sena, magingat ka sa gabi baka sinusundan ka nun hanggang sa bahay. awooo." para talagang tanga 'tong bestfriend ko, tinatakot pa ako. Mamaya seryoso tapos tignan mo ngayon, parang ewan. Ewan ko ba bakit nagkabestfriend akong may toyo sa utak. Kaya nga I don't believe sa kasabihang, birds of the same feathers flock together 'coz we're absolutely not with the same feathers! >.<

"Ewan ko na nga sayo," tumayo na ako, "Pupunta na ako sa taekwando club."

Nagrest lang muna kasi kami sa may canteen after class kasi meron pa namang ilang minutes bago magstart yung mga clubs na sinalihan namin.

"Ayie. Pupuntahan mo dyowa mo?"

"Ha? Anong dyowa ka dyan?" ang bakla talaga ng mga terms nitong bestfriend ko.

"Asus. Deny ka pa, if I know kayo na ni Trey."

"WHAT?! Okay ka lang? Hindi kaya." bigla akong nalungkot, "Ni hindi nga ako pinapansin eh..."

"Crush mo nuh?" biglang lumapit si Kate sa mukha ko kaya napaurong naman ako.

Nilagay ko lang yung kamay ko sa mukha nya at tinulak sya palayo sa mukha ko, "Pumunta ka nga sa club mo."

"Tss. Denying pa eh." hindi ko na lang sya pinansin at umalis na lang.

Crush ko nga ba? Sige na, hindi ko na idedeny. Gwapo naman si Trey eh, tapos mabait, tapos sweet, tapos...  
TAPOS NA, AYAW KO NG MAGDESCRIBE. Oo na, sige na hindi ko na idedeny sa sarili ko talaga na crush ko si  
Trey pero hanggang dun lang. Hindi naman masamang magka-crush diba? Crush lang naman... ata.

"AAHHHH!" inuntog untog ko yung ulo ko sa isang malapit na wall at pagkatapos nagcontinue na rin ako sa  
paglalakad papuntang club. Para talaga akong tanga kung anu anong pumapasok sa isip ko.

Pagdiretso ko sa club, pumasok na agad ako sa changing room ng mga babae. Habang nagpapalit ako may  
biglang pumukaw sa attention ko, may narinig akong mga babaeng naguusap.

"Are you going out with our instructor?" tanong nung isang babae dun sa isang girl na naglalagay pa lang ng  
kanyang taekwando uniform.

"Yeah, he asked me out the yesterday."

"Talaga? Omg. You're one lucky bitch, ang gwapo kaya ni Trey! Tsaka matagal ka na ring nanliligaw dun ah!"

"Nanliligaw?! Hindi ah!"

"Fine, stalking!"

"Gaga! It's what you call following your heart! And see? Nasundan ko na rin ang puso ko and we're already dating."

Halos masamid ako kahit wala naman akong iniinom o kinakain dahil lang dun sa narinig ko. Binagalan ko ang pagbibihis ko para marinig ko pa ang usapan nila.

"But you know what, he's very hot and fast."

"Fast? How so?" O.O

"At our first date, we already kissed." tapos tinuro nung girl yung lips nya.

"There?! Omg."

After that, after ng mga narinig ko, ewan ko nakaramdam ako ng inis. I felt that somehow someone betrayed me. Ewan ko. Basta, binilisan at tinapos ko na ang pagbibihis ko at dire-diretso ng lumabas ng changing room, nadanggil ko pa nga sila eh, nakaharang masyado sa daan eh.

"Ouch, ano ba."

"Sorry ha, ang liit kasi nung daan." narinig ko pang nainis sila saakin after kong sabihin yun pero hindi ko na sila pinansin at dire direktso na sa paglabas.

Nung nagsimula na ang practice at andun na si Trey, hindi nya rin ako pinapansin katulad ng dati nyang ginagawa. So wala na syang pakelam saakin dahil meron na syang kadate? Ganon? Well, I'm not bitter. I don't care, walang pansinan, edi wag. Sino ba sya? He's nothing in my life. Hindi ko sya kilala. I just better put myself in the back , sa pinakadulo para malayo sa kanya. Baka kasi masipa ko lang mukha nya pag malapit ako sa kanya eh.

"Okay, we'll be having partner training today. 1 on 1, 'kay? Your partners will be the one on your side."

Lumingon ako sa kanan ko pero nakita ko may partner na sya, pag tingin ko naman sa kaliwa ko ay wala ng tao. Ayy ganun? Oo nga pala nasa dulo ako and were in an odd number so.. wala akong partner? Oh well. I'd practice by myself.



"Instructor, wala syang partner!" biglang sumigaw yung katabi ko at tinuro ako. Sisipain ko 'tong katabi ko eh, sinabi pa. Hindi na nga napansin, sinabi pa! Argh.

"Oh," ayan napansin tuloy ako ni Trey, "Oo nga pala, odd numbers tayo ngayon. Guess, there's no choice."

Bigla syang lumapit papunta sa kin sa dulo, "I'll be your partner today."

Great. OH GREAT. Geez.

"Ok," nagpilit na ngiti lang ako.

"Okay, we'll have a 1 on 1 match and since you're a white belter, I'll not give any attacks. I'll only go on defense."

"Okay whatever, let's start." hindi pa sya nakakaready ay sumipa na agad ako pero nakailag sya.

"Woah, wait. Hindi ko pa sinasabi ang go---" hindi ko na sya pinatapos magsalita at sumuntok naman ako.

"Wait, wait." ilag lang sya ng ilag habang umaatake ako.

Naiinis ako sa kanya. Ewan ko kung bakit. Sobrang laki ng inis ko sa kanya ngayon na gusto ko syang bugbugin. Wala akong pakelam kahit labas na sa rules ng 1 on 1 ang ginagawa ko, basta sinusuntok at sinisipa ko lang sya. Nakakainis lang kasi lagi syang nakakailag.

"Wait Sena, t-teka!" hindi ko sya pinapakinggan, lahat ng tinuro nya sa club na 'to ay gagawin ko sa kanya.

"Sena, tama na!" nabigla ako pagsuntok ko sa kanya ay nahawakan nya yung kamay ko at bigla akong iniikot kaya naman ako ay nakatalikod sa kanya habang hawak nya yung kamay ko.

"Aray ko! Yung braso ko bitiwon mo! Ano ba!" pero hindi nya binibitiwan ang kamay ko.

"Ano ba problema mo? Hindi ka nakikinig kanina. Una, sinuway mo yung rules ng pagmamatch sa taekwando, hindi ka nagbow at basta ka na lang nanugod. Pangalawa, dire-diretso ko sa pagsugod na para bang punching bag ang tingin mo sakin." tumigil ang lahat at tumahimik, lahat sila nakatingin samin, "Pangatlo, bakit ka umiiyak?"

Hindi ko namalayang naiyak na pala ako, pinunasan ko yung luha ko gamit yung free hand ko.

"Hindi ako umiiyak, bitawan mo nga kamay ko." sinubukan kong tanggalin ang kamay ko pero hindi nya binibitawan.

"Sena... anong problema?" mukhang worried sya pero ayaw kong magpadeceive sa mukha nyang yun.

"Wala ka ng pakelam dun kaya pede ba bitawan mo kamay ko!" hinila ko ng malakas ang kamay ko mula sa pagkakahawak nya, medyo masakit yun pero nagawa ko namang makaalis sa hawak nya at umalis na ako sa practice hall. Nagdiretso agad ako sa changing room at nagpalit agad dun habang dire direktso ang pagtulo ng luha ko.

"Para akong tanga! Bakit ba ako naiyak, ano ba! Tumigil nga kayo!" pinagsasabihan ko yung mga luha ko habang harsh na pinupunasan ko sila. Ayaw nilang tumigil eh kahit pinagsabihan ko na. May sariling kusa ang mga luha ko, nakakainis, ayaw nilang sumunod sakin.

Inayos ko na mga gamit ko at lumabas na ng changing room pero paglabas ko nabigla ako na nandun si Trey sa tapat ng pinto. Nakaharang sya kaya naman hindi ako makalabas.

"Makikiraan." nakatungo lang ako.

"Anong problema Sena? Bakit ka umiiyak kanina?"

"Makikiraan po." hindi ko inaangat ang ulo ko.

Hindi sya kumibo sa pagkakatayo nya kaya naman tinulak ko sya, "Makikiraan!"

Pero ni hindi ko sya nagawang mapaalis sa daan, he was just too strong that he didn't budge when I pushed him. Tinulak ko sya ng tinulak habang nakatungo kaya bigla nyang hinawakan ang dalwang kamay ko, "Sena, sabihin mo sakin? Anong meron?"

"Pakelam mo ba?!"

"Wag kang ganyan Sena." seryoso nyang sabi.

"Ako?! Wag akong alin? Alam mo, bitawan mo na lang ako at uuwi na ako samin."

"Si Allen nanaman ba?" sa pagkasabi nyang yun mas lalo akong nainis.

"Hindi!" sa sinigaw kong yun sa kanya, nabigla sya, he wasn't expecting my answer neither did I.

"H-ha? Eh ano... sino... paano?"

"Pede wag mo akong tanungin? Pede wag kang mag-alala? Pede wag kang ganyan? Pede layuan mo ako."

"Ha? Sena? Ano pinagsasabi mo?"

"Ewan ko rin sayo, hindi mo ako pinapansin dati pagkatapos nung nangyari sa mall tapos ngayon umaakto ka ng ganyan? Alam mo, ako ang walang problema eh, ikaw may problema. Saka wag kang umaktong ganyan, baka kung anong isipin nila satin. Baka kung anong isipin ng girlfriend mo satin..."

"Girlfriend? Sino?"

"Aba malay ko sayo! Sino ba kadate at hinalikan mo kahapon?! Pede ba, bitiwang mo na lang ako, pag nakita ka pa ng girlfriend mong hawak ang kamay ko baka magalit pa sakin yun. Ayoko ng gulo." hinihila ko talaga yung kamay ko sa pagkakahawak nya pero no match talaga ako sa isang black belter.

"Date? I was sick yesterday, pakiramdaman mo pa oh," bigla nyang nilagay ang kamay ko sa noo nya, mainit ng konti, "May sinat pa nga ako oh! Sa tingin mo makikipagdate ako ng may lagnat? Hindi naman ako abnoy noh."

"Pero.. narinig ko kanina sa changing room na..."

Hindi nya ako pinatapos, "Sino nagsabi? Yung babae bang hanggang balikang buhok, tapos may taling dito sa may malapit sa labi? Yung nasa club natin?"

Tumango ako, "Sus, si Maika yun. Wag kang magpapaniwala dun, obsess yun sakin. Laging gumagawa ng mga kung anu anong chismis yun tungkol samin kahit hindi totoo. Kaya nga lang sumali sa club yun kasi sinusundan nya ako. Wag kang magpapaniwala dun."

"Ah ganun ba," ewan ko feeling ko bigla akong nakahinga ng maluwap.

Binitawan nya na yung hawak nya sa kamay ko at bigla syang ngumiti, "Were you jealous?"

Namula ata ako sa sinabi nya, "H-ha? Anong jealous? Hindi ah!"

He laughed at me, mukha atang obvious yung pagsasalita ko, parang natatarantang indenal.

"You were jealous! That's what's going on!"

"I am not!" kinagat ko yung labi ko dahil naiinis ako na naeembarrass.

"Yes you are. Admit it, you like me too right?"

"Ewan ko sayo! Padaan na lang!" tinutulak ko pa rin sya kasi nakaharang talaga sya sa daan.

"Sure, my princess." umisod sya sa daan ng nakangiti.

Dumaan na ako at sinigawan sya, "Don't call me princess!"

"Whatever you say, honey."

"Not even honey! Don't baptize me with such names!"



"Okay Sena," tumatawa pa rin sya, nagdire direktso na lang ako sa paglalakad, ayaw kong lingunin sya kasi namumula ata ako sa hiya na ewan, "Ingat ka sa pag-uwi ah. Nga pala, catch!"

\*boink\*

Bigla akong napatigil sa paglalakad kasi mula sa likod ng ulo ko may naramdaman akong dumanggil pero hindi malakas, super light nga lang eh. Paglingon ko, wala na si Trey sa likod ko.


Hindi ko alam kung anong dumanggil sa likod ng ulo ko pero nung pagtungo ko, nakita ko sa sahig ang isang paper airplane.

Dinampot ko 'to thinking that it was the one na dumanggil sa likod ng ulo ko, nakita ko sa wings ng paper airplane na may nakasulat...

"Open" says at the left wing and "this" at the right wing. So I opened it to see what surprise there might be...

You've got me head over heels for you. Can I court you? - Trey

If I say "no", that'll be very stupid of me right?



Way --- 7, 8 & 9

[www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

"He's actually courting you?!!"

"Shh! Will you lower down your voice!" sinabi ko kasi kay Kate yung nangyari yesterday but seesh, para talagang may megaphone sa lalamunan 'tong bestfriend ko.

"Woah. Just woah. Sabi ko na nga ba may future kayong dalawa eh." nakasmirk pa sya.

"Oo na, tama nga yang instincts mo."

"Eh ano sabi mo? Pumayag ka?"

"Hindi."

"WHAT?!" bigla nyang hinila yung kwelyo ng blouse ko, "Baliw ka ba?!!!"

Inalis ko yung pagkakahawak nya sa kwelyo ko, "Pede ba magrelax ka nga. Joke lang yun, syempre pumayag ako. I don't see any reasons to say no. Hindi ako baliw na kagaya mo, syempre I said that he can court me."

"Ayeeee. Ang cute nyo talaga. Mahal mo na sya noh?"

"Hindi... hindi pa..."

"Hindi pa?! ha? Bakit naman?"

"Eh sa hindi pa eh! Crush ko sya, oo. I like him, sige admitted na. Pero mahal? I dont know pa talaga, hindi ko pa masabing mahal ko si Trey. I'm not even over Allen yet."

"Allen nanaman?!"

"Eh ano bang magagawa ko? E sa hindi ako makamove on eh. I still feel bitter about our break up. It's not like my feelings for him will go away that fast, mahirap makalimot."

"Asus. Mahirap makalimot? Eh bakit yung coverage ng test natin para sa next week limot mo na agad?"

"Eh iba naman kasi yun eh! Pag yung nakastuck sa utak mo, madali talagang makalimutan pero yung nakastuck sa puso mo... hindi basta basta yun nakakalimutan. Kung para nga lang bang coverage ng test 'tong nararamdaman ko, edi masaya na sana ako kasi limot ko na agad nararamdaman ko sa kanya."

"Pff. Sasaksakin ko na yang puso mo eh, ang slow slow."

"Brutal ka talaga."

\*bzzt. bzzt.\*

"May nagtext," kinuha ko yung cellphone ko na nakapatong sa table nung magvibrate sya.

"Sino yan?"

"Si Trey," pagkasabi ko pa lang nun, hinalbot nya na yung cellphone saakin.

"Patingin!"

"Walandyo! Hindi ka naman excited?"

"Eh syempre text ng future boyfriend mo kelangan makita ko!"

"Future boyfriend ka dyan?!"

"Eh sus! Sa haba man ng magiging prusisyon nyo, dun din kayo hahantong!"

"Magtigil ka nga! Ang hilig mo talagang magconclude ng mga bagay bagay!"

"Mas open minded lang kasi talaga ako kesa sayo, anyway basahin na nga natin 'to." binuksan nya yung message at sabay naming binasa yung text ni Trey.

From Trey: "Goodpm princess! Kumain ka na ba? Don't skip your lunch, okay?"

"Ayieeee. Ang sweet naman. Princess pala ah?"

"Akin na nga yan at rereplyan ko." hindi ko pinansin ang pangaasar nya at kinuha na yung cellphone ko para replyan si Trey.

"Ayieeee. Rereplyan nya. Kinikilig yan."

"Anuba Kate, tantanan mo nga ako. Nasan ba boyfriend mo? Layuan mo nga ako, yun na lang guluhin mo." pabirong pagtataboy ko kay Kate pero bigla syang sumimangot.

"Boyfriend ko? Hindi mo ba nabalitaan sa tv?"

"Eh? Sa tv? Bakit? Nagartista ba boyfriend mo?"

"Hindi. Ibig kong sabihin, kung hindi mo narinig sa news. Patay na eh."

Nabigla naman ako sa sinabi nya, "ANO?!"

"Oo, patay na. Pinatay ko pati na rin yung mukhang octopus nyang kabit. Chinopchop ko sila, binuhusan ng suka at inihagis ang hiwa hiwalay nilang parte sa manila bay, sa ilog pasig at kanal sa likodbahay namin at sa kung saan saan pang tubig na pedeng pagtapunan."

Sa sinabi kong yun, alam kong hindi talaga patay ang boyfriend nya, it's just her idiomatic expressions w/c means, she's very angry with her boyfriend.

"Ano nanaman ba nangyari? 3rd party?"

"Eh ano pa ba! Wag mo na nga natin pagusapan yun, isa pa, hindi ko na sya boyfriend. Binreak ko sya nung isang araw, magsama sila ng octopus nyang kabit! Move on na ako sa kanya, akala mo kung sino syang gwapo! Grrr." ayan ang bestfriend kong si Kate, pag tungkol sa heartbreaks ibang iba kami nyan, kung ako binubuhos ko sa iyak, sya binubuhos nya sa galit or sa pagkain... Ewan ko ba, pag ako may heartbreak wala akong appetite pero pag sya, parang baboy lang kung kumain kaya naman nadadagdagan ng bilbil eh.

----



After ng taekwando club, inintay ako ni Trey na makapagpalit at nagoffer sya na ihatid ako hanggang sa amin. Pero dinaanan muna namin si Kate sa club nya para isabay sya samin since I know wala syang kasabay ngayon kasi nga break na sila ng boyfriend nya, ayoko namang umuwi sya magisa. Inuna muna naming ihatid sya papunta sa sakayan nya sa jeep sa may kanto ng school.

"Guys, salamat sa paghatid ah. Pero grabe, hirap talaga pag single at walang kasabay sa paglalakad sa daan. Nagmukha akong aso nyo sa likod ay, nakaka-OP kayo halos maging bestfriend ko na yung pader eh." pabirong sabi ni Kate.

"Waa. Sorry bessy, hindi mo naman sinabi agad!"

"Sus, wala yun. Ayoko kayang sirain yung moment nyo kanina."

"Ha? Anong moment?" hindi ko talaga alam yung sinasabi nyang moment, may moment ba kami kanina ni Trey? Weh.

"Ah wala, sige na, sasakay na ako. Thank you ulit guys, ingat kayo ah." sumakay na sya ng jeep, kumaway ako sa kanya at sinabihang mag-ingat din sya.

Kami naman ni Trey, nagtuloy na kaming maglakad papunta sa bahay ko. Habang nasa daan kami, naguusap lang kami ng kung anu ano.

"Sabihin mo lang sakín kung ginugulo ka ni Maika."

"Hindi naman, don't worry."

"Super obsessed kasi sakín yun, natatakot tuloy ako na baka saktan ka nun dahil nililigawan kita." kung maalala nyo, si Maika yung nasa chapter 6.2, yung babaeng obsessed kay Trey at nagimbentong nakipagdate daw sa kanya si Trey at hinalkan sya.

"Don't worry, marunong naman ako ng taekwando. Parehas naman kaming white belter. hehe."

"Hehe. Tama, ikaw pa, madami kang muscles eh kayang kaya mo yun."

"Wah! Anong muscles? Wala ako nun ah!"

"Joke lang nuh!ahaha."

Yung feeling ko ngayon, natutuwa at masaya ako na naglalakad kasabay si Trey. Hindi ko alam kung bakít, but I really have this excited feeling whenever I'm with him. I really like him.

"Umm, sa Sabado..." nakatungo sya nun at parang nahihiyang hindi mapakali habang nakapamulsa sya.

"Yeah? Anong meron sa Sabado?"

"Can ask you for a date sa Enchanted?" bigla nyang nilabas yung dalwang ticket ng enchanted, "Binili ko sila online, I've been planning to ask you out since yesterday pero ngayon lang talaga ako nagkalakas ng loob."

Ngumiti ako sa kanya, "Sure!"

And it's settled, I'm having a date this Saturday.

---

Friday, I received two consecutive letters in my locker. It was way 7 & 8, it actually surprised me kasi dalwang letters, usually kasi isa isa lang ang bigay na letter sakin.

Binasa ko kaagad ito.

#7. Go out on a date.

#8. Have atleast 3hrs call with a guy you dated recently.

Napangiti talaga ako sa #7, tomorrow kasi may date ako kay Trey. Saktong sakto sa way#7. Pero yung way #8, ako ba dapat ang tatawag o si Trey? If si Trey tatawag, sobrang matutuwa ako, ayaw ko kasing magfirst move, nahihiya ako.

----

Saturday. Pumunta si Trey sa bahay namin para sunduin ako, pinakilala ko sya sa parents ko bilang suitor ko. Wala naman problema sa parents ko since disente naman si Trey atsaka ayos lang sa parents ko magaccept ng suitors at magboyfriend basta wag ko lang daw papabayaang ang pag-aaral.

Nag-commute lang kami papuntang enchanted. Nagbus lang kami since wala naman kaming kotse kasi minors pa lang kami. Hindi naman mahaba yung byahe, mga 1hr lang sya ng makarating kami sa enchanted. Excited na excited ako.

Sinakyan namin halos lahat ng pedeng sakyan, parehas kasi kaming walang takot sa rides kahit gaano pa kataas ito.

"Uwaaaa! Kinakabahan ako." nakasakay kasi kami ngayon sa rollercoaster at inaantay na lang na umandar 'to.

"Ahaha. Nako, wala ng urungan 'to ah."

"Alam ko, hindi naman ako uurong eh, kinakabahan lang talaga. First time ko kaya 'to."

"Don't worry, hawak ka lang sa kamay ko." nabigla ako nung inabot nya yung kamay nya sakin, "Wag kang matakot, kung malalaglag man tayo, sabay tayong malalaglag."

Napangiti na lang ako sa kanya at inabot ang kamay nya, saka gumalaw ng dahan dahan yung rollercoaster. Sa biglang baba nito, napasigaw ang mga sakay pati na rin ako.

"UWAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!" sobrang ingay, anlakas kasi ng sigaw ng mga taong nakasakay, ang bilis kasi nung rollercoaster.

"MAHAL KITA SENA!!!!!" may sinigaw si Trey pero hindi ko narinig dahil nga sa halo halong sigaw ng mga taong nakasakay.

"HA? ANO? MAY SINABI KA BAAAAAAAAA?"

"SABI KO MAHAL KITAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAAA!" hindi na ako nakaimik pagkatapos nun, natameme ako. Kinikilig ako..:3

Hilong hilo kaming bumaba ng space shuttle/rollercoaster.

"Grabe, ibang klase yun ah!" hawak hawak ko yung dibdib ko habang hinahabol ang hininga.

"Oo nga eh, gusto mo ba ng maiinom?"

"Oo eh, nakakauhaw after ng mahabang sigaw."

"Sige, upo ka lang dyan ah. Bibili lang ako dun sa may stall ng maiinom." iniwan nya na ako sa bench para bumili ng maiinom. Habang nagiintay ako, nagpapalinga linga lang ako sa daan kasi wala akong magawa pero pagtingin ko sa kaliwang bahagi parang nahagip ng mata ko si Allen...

Ewan ko kung imagination ko lang pero tumayo ako sa pagkakaupo ko at sinubukan puntahan ito. Pero pagpunta ko sa pwesto kung saan ko sya nakita eh wala naman sya dun. Baka guni guni ko lamang.

"Uy, bakit ka umalis dun sa bench? Anong meron?" nabigla naman ako ng marinig ko na si Trey sa likod ko na may dalang dalwang pepsi in can.

Inabot ko isa sa pepsi, "Ah wala, parang may nakita lang akong kakilala. Imagination ko lang."

"Baka hilo ka pa sa rollercoaster kaya nakaka-imagine ka!ahaha!"

"Baka nga!ahaha!" siguro nga... imagination ko lang na nakita ko si Allen.

---

All in all, nag-enjoy ako sa date namin. Nakakapagod pero super memorable. May mga pictures kami together tapos binigyan nya ako ng regalo, isang necklace. Tinanong ko sya kung para saan yun, wala namang okasyon. Sabi nya, remembrance daw sa first date namin. After nun, kiniss nya ako sa cheeks. Hindi ako nagalit kasi he

deserves a kiss afterall, binigyan nya ako ng isang wonderful date. Sana sya na talaga kasi kung sya na, feeling ko magiging masaya talaga ako.

Inihatid nya na ako sa bahay pagkatapos, mga 7pm na nun ng makauwi kami eh. Pagpasok ko sa bahay, dumiretso agad ako sa kwarto at nagpahinga. Mga 8pm nun, isang oras pa lang ang nakakalipas simula ng maghiwalay kami, narinig kong tumunog ang cellphone ko...

Trey calling...

Napangiti ako at sinagot ang tawag nito.

"Hello Trey!"



"Hello princess! I miss you."

"Waaa. 1hr pa lang nga nakakalipas ng maghiwalay tayo eh. Magkasama na nga tayo maghapon eh."

"Yun nga eh, I just can't get you out of my mind. 1hr pa lang na hindi kita nakikita, sobrang namimiss na kita. Kanina nung pauwi tayo, medyo nalungkot ako, ayoko pa kasing umuwi at humiwalay sayo eh. Kung pede sanang iuwi na lang kita samin, inuwi na kita eh."

"Hindi pede yun nuh!"

"Alam ko pero kung ayaw mong iuwi kita samin, umalis ka na sa isipan ko. Nagtayo ka ba ng tent sa isipan ko? Lagi kang nandito eh, ayaw mong umalis. Shuuupiii nga!"

"Ahaha! Wala akong tinatayong tent dyan sa isipan mo ah! haha!" bumagsak ako sa higaan ko habang hawak ko ang cellphone ko. Kinikilig ako sa mga pinagsasabi nya.

---

Nagusap kami ng nagusap, hindi ko namalayan ang oras. 11.12pm na pala. Maghahating gabi na, tatlong oras at mahigit na kaming naguusap.

"Uy, super late na. Tulog na tayo."

"Wait lang, saglit na lang."

"Pero..."

"Pede bang mangharana?"

"Eh?"

"Kakantahan lang kita tapos nun, baba ko na telepono."

"Umm.. sige na nga."

At nagsimula na nga talaga syang kumanta sa telepono, ang ganda ng boses nya. Sobrang warm na halos makakatulog na ako, ang sarap kasi sa tenga eh.

♪♪~

"There will be no ordinary days for you

If there is someone

Who cares like i do

You got no a reason to be sad anymore  
I'm always ready with a smile  
With just one glimpse of you  
You don't have to search no more  
'cause i am someone who will love you  
For sure...  
So..." 🎵~

Kinakanta nya yung "If we fall inlove nina Yeng Constantino at Rj jimenez. I didn't know na may talent pala sya sa pagkanta.

🎵~

"If we fall in love, maybe we'll sing this song as one

If we fall in love, we can write a better song than this  
If we fall in love, we will have this melody in our heads  
If we fall in love, anywhere with you would be a better place" 🎵~

If we fall inlove? If I fall inlove?



"You can watch sad movies in a different light, so i'll be right there beside you, huggin' you oh so tight... (oh so tight...)

Has from never felt so cold and empty again, 'cause i will keep on holding on, and won't let go... (never let you go...)


You don't have to search no more, 'cause i am someone who will love you for sure...

So...

If we fall in love, maybe we'll sing this song as one

If we fall in love, we can write a better song than this

If we fall in love, we will have this melody in our heads

If we fall in love, anywhere with you would be a better place" 

Could he really be the one? Should I really let go and accept him? Naramdaman ko yung pagtulo ng luha ko, hindi ko alam kung bakit ako naiiyak.. sa lungkot o sa saya? Hindi ko talaga alam, napaka-cry baby ko.



"Feel so good when you're around, one smile from you... (one smile from you...)

One thing that it feels so right...

So...

If we fall in love, maybe we'll sing this song as one

If we fall in love, we can write a better song than this

If we fall in love, we will have this melody in our heads

If we fall in love, anywhere with you would be a better... plaaaace..." 🎵~

Natapos na syang kumanta pero hindi na ako sumagot ni nagsalita.

"Hello princess? Andyan ka pa ba?"

Hindi ako umiimik, pinipigilan ko ang paglabas ng hikbi ko. Pinupunasan ko ang luha ko gamit ang kamay kong walang hawak.

"Sena?" wala na talaga akong balak magsalita, baka kasi pag nagsalita ako marinig nyang umiiyak ako. Ang weird kasi kung malalaman nya akong umiiyak.

"Tulog ka na sa siguro? Tinulugan mo yung kanta ko... pero okay lang, basta ang mahalaga nahihimbing ka ng tulog sa kantang inialay ko sayo. Sena, sana makalimutan mo na si Allen. Sana wag ka ng umiyak dahil sa kanya... sana mapansin mo na talaga ako. Pangako ko hindi kita sasaktan, mahal na mahal kita Sena. Sige, goodnight."

Nag-end na yung call. Mas lalo akong naiyak sa mga huling kataga nya.

"Sena, sana makalimutan mo na si Allen. Sana wag ka ng umiyak dahil sa kanya... sana mapansin mo na talaga ako. Pangako ko hindi kita sasaktan, mahal na mahal kita Sena."

Sena, sana makalimutan mo na si Allen...

Sena, sana makalimutan mo na si Allen...

Sena, sana makalimutan mo na si Allen...

Sena, sana makalimutan mo na si Allen...

Konti na lang Trey, tulungan mo pa ako ng konti.

-----


Nung monday, pagbukas ko ng locker ko, may nalaglag ulit na letter.

#9. Enjoy his company.

Sunod sunod na dumating yung mga letters hindi katulad ng dati na every week sya dumating, number 9 na... Sabi nung nagsulat nito, may 11ways daw syang ibibigay sakin. Kung may 9 ways na ako edi dalwang ways na lang ang natitira? Ibig bang sabihin nito, malapit ng matapos ang letters? Malapit ko na rin makalimutan si Allen? Sabagay, may pakiramdam ako na nawawala na rin ang nararamdaman ko para kay Allen. Malaki talaga ang naitulong sakin ng mga ways na ito.

Sana pag natapos na lahat ng ways, makilala ko man lang 'tong taong tumutulong saakin. Gusto kong magpasalamat sa kanya, kung hindi siguro dahil sa kanya umiiyak pa rin ako para kay Allen. Kung hindi nya ako tinuruan ng mga ways na ito baka nasasaktan pa rin siguro ako.

Gusto kong makilala ang taong ito...





11 Ways to Forget your Ex-boyfriend bids goodbye...

[www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

"In your life you search and search for the right person for you. Every time you break up with someone you get one step closer to that person. You should look at moving on as getting closer to meeting the one." - Ian Philpot

2weeks ng nanliligaw si Trey, I must admit na unti unti na akong nasasanay sa presence nya na pag wala sya ay hinahanap ko na sya.

Sabi nga sa way#9: Enjoy his company. Kahit siguro hindi nakasulat sa way#9 yun ay gagawin ko pa rin sya. Full of effort kasi talaga sa panliligaw si Trey at walang oras na hindi ako nageenjoy pag kasama sya. He's very sweet and sincere, he never fails to make me laugh so how can I not enjoy his company, right?

Nawoworried ako sa letters sa lockers ko, 1week na rin kasi nakalipas since huli kong natanggap yung 9th letter. Tapos ngayon na yung last day ng school, bukas bakasyon na which means hindi na ba ako makakatanggap ng letters? Sayang naman, 2 na lang kasi sana tapos hindi ko pa matatanggap diba? Saka ni hindi ko pa nga nakikilala yung sender eh. Nakakalungkot naman pag ganun.

Pero last try na 'to, ito na yung huling chance na bubuksan ko yung locker ko kaya sana meron...

\*teeeng\* <--- sound effect po ng nagbubukas na locker(sorry, low budget ako sa sound effects XD)

"Yey!" natuwa ako kasi may nalaglag na letter at nung pinulot ko yun, hindi nga ako nagkakamali, "Way number 10!"

Binasa ko ito.

#10. Evaluate your feelings

## 10. Evaluate your feelings.

are you over him? Check the box if yes.

Pero strange yung letter ngayon kasi under dun sa way#10, meron pang nakasulat. May maliit na box dun tapos sa tabi ng box may nakasulat: "Are you over him? Check the box if yes."

EH? Dapat ko bang sagutin ito? Pero tama rin naman siguro ito, dapat ko ring iconfront na ang nararamdaman ko. Dapat iconfirm ko na sa sarili ko kung ano ba talaga nararamdaman ko, I have to clear my feelings!

♪♪~~There will be no ordinary days for you  
If there is someone who cares like i do  
You have no reason to be sad anymore  
I'm always ready with a smile  
With just one glimpse of you  
You don't have to search no more  
Cause i am someone who will love you for sure so

♪♪~~

Nabigla ako ng marinig ko yung telepono ko, nagriring, may tumatawag. By the way, ringinge tone ko na yung "If we fall inlove" na kinanta sakín ni Trey. Memorable na kasi sakín yung kantang yun. :")

+63\*\*\*\*\* calling...

Nanatili akong pinagmamasdan yung screen, familiar yung number... Kahit naman hindi ko na sya naiisip, hindi pa rin nun mababago na saulo ko pa rin ang number nya.

"Hello?" sinagot ko ito sa kabila ng kaalamang sya ang tumatawag.

"Sena..." tama ako, si Allen talaga 'to.

"Ah, Allen... napatawag ka..."

"May mga bagay na gusto sana akong itanong sayo, sana sagutin mo. Wag mo ng itanong kung bakit basta sumagot ka lang."

Hindi ko man sya nagets eh um-oo na lang din ako, "Sige.. ano ba yun Allen?"

Hindi ko alam kung bakit parang kinakabahan ako, may nararamdaman akong parang may isang bagay na may mangyayaring hindi ko inaasahan.

"Umiiyak ka pa ba sa gabi?"

"Eh?" nabigla talaga ako sa tanong nya.

"Sagutin mo na lang Sena, please."

"Hindi na..."

"Meron pa ba akong remembrance o kahit ano sayo?"

"Eh?" nabigla nanaman ulit ako pero natandaan ko kaagad na sinabi nyang, sumagot na lang daw ako basta sa mga tanong nya, "Ah wala na."

"Binabanggit mo pa ba palagi ang pangalan ko?"

"Hindi na."

"May mga pinagkakaabalahan ka na ba?"

"Oo, marami."

"Bagay sayo bangs mo pati highlights mo."

"Eh?!" nabigla ako... hindi kasi tanong yun atsaka napansin nyang nagpagupit ako at nagpahighlights dati?

"Pasensya na dati ah nung dapat kablind date mo si James, nagkasakit kasi sya nun eh kaya ipinasa ka na lang nya sakin, hindi ko naman alam na ikaw pala yun eh, iba kasi pangalan na ginamit mo eh."

"Teka Allen, bakit mo sinasabi mga bagay na 'to? Tsaka diba sabi mo magtatanong ka lang hindi ka naman nagtatanong eh."

"Alam mo bagay kayo ni Trey, masaya ako at nililigawan ka nya."

"Allen---!"

"Mahal ka ni Trey, magtiwala ka sakin. Hindi ka sasaktan nun."

"Teka lang Allen," gusto kong sumingit sa pagsasalita nya, hindi ko kasi magets bakit sinasabi nya 'tong mga bagay na 'to. Hindi ako nasaktan sa mga sinasabi nya pero nagtataka lang talaga ako, bakit out of the blue tumawag sya at kung anu ano sinasabi nya?

"Masaya akong makitang masaya kang kasama sya. Masaya ako para sa inyo. Wag ka na ulit iiyak Sena, ha?"

"Allen! Teka nga lang, ano ba pinagsasabi mo? Nanggugulo ko ba or what?" medyo naiinis na kasi ako kasi salita sya ng salita hindi man lang nageexplain kung anong gusto nyang iparating sa mga sinasabi nya.

"Sena... mahal mo si Trey diba?"

Hindi ako nakaimik agad.

"Pakiramdaman mo Sena kung mahal mo na sya. Ipikit mo mga mata mo," ewan ko pero sinunod ko sinabi nya, pinikit ko ang mga mata ko, "Pakinggan mo ang puso mo, itanong mo sa puso mo kung mahal mo si Trey."

mahal ko ba si Trey?

Dug. Dug. Dug.

"Pag malakas ang tibok ng puso mo, mahal mo na sya."

Hindi ako umimik muli, narinig ko ang puso ko...

"Huling tanong, mahal mo pa ba ako?" nabigla ako sa tanong nya pero hindi ako umimik kundi umiling lang ako, "Ikaw na bahala magcheck sa box, sana malinaw na sayo ang nararamdaman mo. Wag kang malilito Sena at wag ka ring kakapit sa nakaraan mo. Palayain mo ang sarili mo sa sakit..."



"Teka Allen! Paano mo nalaman yung tungkol sa box!" ang tinutukoy ko eh yung checkbox under the letter sa way#10. May box kasi dun eh tapos sa tabi nakasulat, "Are you over him? Check the box if yes."

"Sena, dare to fall inlove again." tumigil yung puso ko sa pagkabigla ko, "yan ang 11th way to forget me."

"Allen---!" pero wala narinig ko na lang ang pagkaputol ng linya. Sinubukan kong idial ulit ang number nya at tawagan sya pero hindi ko na sya mareach, pinatay nya ata cellphone nya. Hindi ko nagets... anong nangyari? Ano yung mga sinabi nya?

"Sena, dare to fall inlove again. Yan ang 11th way to forget me."

"Sena, dare to fall inlove again. Yan ang 11th way to forget me."

"Sena, dare to fall inlove again. Yan ang 11th way to forget me."

----

Tapos na ang bakasyon, yehey! 4th year na kami!

"Waaaaa! Classmates ulit tayo bessy!" excited na sinalubong ako ni Kate pagkapasok ko ng bagong classroom ko.

"Oo nga bessy eh! Ang saya saya!" nagyakapan kami ni Kate.

"Ehem! Ako din payakap!"

"Asus! Nagselos si boyfriend! O sige, makiyakap ka na rin kahit alam kong si Sena lang gusto mong yakapin!" pangaasar na sabi ni Kate sa boyfriend ko.

"Ahaha! Sige na, group huuuuuuuuuug!" lumapit saming dalwa ni Kate ang boyfriend ko at niyakap kaming dalwa ng sobrang higpit.

"Sena yung boyfriend mo! Ugh! Balak ata tayong patayin sa super hug nya! Nakakasuffocate!"

"Ahaha! Babe, tama na! Hindi na kami makahinga! ahaha!"

"Ayoko! Ihuhug ko kayong dalwa forever!" mas hinigpitan pa nya ang hug nya samin.

"Hoy Trey! Kung gusto mong may patayin sa yakap wag ako! Yan na lang si Sena, yang girlfriend mo na lang! Tantanan mo ako!" pagbibiro ni Kate.

"Ahaha! Sige na nga! Ayaw ko pa kayong mamatay lalo na ang babe ko." binitawan nya na kami at umakbay sya sakin.

"AAAAH! WAG KAYONG SWEET, NABIBITTER ANG SINGLE NA TULAD KO!" tawa lang kami ng tawa sa sinabi ni Kate.

Ah, oo nga pala. Kami na ni Trey, sinagot ko sya nung summer, mago-one month na kami. Si Allen? Wala na akong balita sa kanya after that call, sabi nila nagtransfer na daw sya sa malayong school. Basta nawalan na talaga ako ng balita sa kanya. Sayang naman, gusto ko sana syang pasalamatan... Nung una hindi ko nagets pero nung tumagal, napagtanto kong sya ang tumutulong sakín makalimot sa ex-boyfriend ko na sya rin naman. Hindi ko nagets yung sense at purpose nun pero kung magkikita ulit kami ni Allen, gusto kong tanungin sya kung para saan ang lahat ng yun at para na rin mapasalamatan sya. Wala na akong nararamdaman para kay Allen pero kung bibigyan pa kami ng ikalawang pagkakataon, gusto ko syang maging kaibigan. Dahil sa kanya, nakilala ko si Trey... at naging sobrang saya ko.

-----

The Sender's POV.

Ilang minutes na lang dadating na yung eroplanong sasakyan ko. Kanina ko pang pinagmamasdan ang screensaver ng cellphone ko...

Si Sena.

Alam ko, ako ang nakipagbreak sa kanya. Sinabi ko sa kanyang may iba na akong mahal pero hindi totoo yun. Wala akong minahal kundi si Sena lang. Pero wala akong choice kundi hiwalayan sya at saktan sya... bakit?

Because if I'll let her feelings for me to grow deeper, mas lalo lang syang masasaktan dahil sooner or later, mawawala na din ako. I have a very severe heart disease that anytime I get an attack, it might lead me to death. Pupunta ako ngayon sa America para magpaheart transplant pero sabi sakín ng cardiologist ko, 20% lang daw

ang chance na pedeng magsurvive ako. Nung malaman ko yun dati, si Sena agad naisip ko... ayaw kong umiyak sya pag nalaman nya 'to, ayokong malaman nyang anytime pede na akong mamatay sa gantong edad. Ayokong maramdaman nyang iniwan ko sya habambuhay kaya naman nagdecide agad akong saktan sya sa ibang paraan, yun ay hiwalayan sya. Gusto ko mainis sya sakín at magmove on na sya sakín, gusto ko makalimutan nya na ako para hindi na sya umiyak sakaling mamatay ako. Gusto ko kalimutan nya na pagmamahal nya sakín, gusto ko... magmahal sya ng iba na tatagal sa tabi nya.

Pero nagkamali ako...

"Eh ano naman? Buti ngayon ng marinig ng mga tao dito sa canteen na walang kwenta ang pangalang Allen!" nasa canteen kami nun nung marinig kong may bumanggit ng pangalan ko, nakita ko si Kate-- ang bestfriend ni Sena. Nakatingin sya sakín ng galit na galit.

May biglang sumabat, "Hoy! Allen ang pangalan ko, magingat ka sa mga sinasabi mo miss!"

"Eh ano?! Bakit?! Ikaw ba pinatatamaan ko ha? Ikaw ba ex-boyfriend ng bestfriend ko? Ikaw ba ha?!" alam ko, ako ang Allen na tinutukoy nya nung mga panahong iyon.

"Uy tol, tinitira ka ng ex mo oh. Bitter pa rin sayo? Lakas mo talaga!" nabigla ako ng siniko ako ng isang kaibigan ko na kasama ko sa table sa canteen, alam nilang ex-girlfriend ko si Sena.

"I'm going back to my class." kinuha nya yung gamit nya at tumayo na si Sena, tumakbo sya palabas ng canteen. Ang lungkot ng mukha ni Sena, para bang iiyak na sya nun.

Yung pangyayaring yun, halos magfa-five months na kaming hiwalay ni Sena nun. Ako hindi pa move on nun at kahit kelan, hindi makakmove on pero ang akala ko noon, nakalimutan na ako ni Sena. Pero sobrang nagambala ako ng makita at masaksihan ko ang pangyayaring yun sa canteen, lalo na ng makita ko ang sobrang lungkot na mukha ni Sena.

Naisip kong nasasaktan pa rin si Sena na nahihirapan pa rin syang makalimutan ako noon, gusto ko syang tulungan pero sabi ko noon, "Paano?"

Pinagisipan ko yun ng mabuti sa klase at hindi nagtagal, nakaisip ako ng plano. Habang nasa Computer Class ako nun, hindi ako nakikinig at naghanap ako sa google ng "Ways to forget your Ex". Maraming lumabas, binasa ko halos 20 sa results na lumabas. Marami sila pero napagdesisyunan kong 11 lang ang kunin.

"Your ex-boyfriend is not worth it. I know it's not easy for you to forget him so that's why I'm here to help you. From now on, I'll be sending letters in your locker. 11 letters which will tell you ways to forget your ex-boyfriend. I promise you that it will only take 11 ways to forget your ex-boyfriend."

Ayan ang unang sinulat ko sa kanya na patagong ipinasok ko sa butas ng locker nya habang wala pa sya. Bago kasi matapos ang klase, lagi akong nagvolunteer sa last teacher ko sa afternoon period na ako na yung magdadala ng gamit nya since ang papunta sa faculty room ay madadaan ang hallway kung asan ang mga lockers. Everytime na nagdadala ako ng gamit sa faculty room, naglalaglag ako ng letters dun.

1. Put away all the remnants that remind you of your ex.

- alam ko ugali ni Sena na pahalagahan lahat ng bagay na ibinigay sa kanya ng mga importanteng tao. Nung kami pa, lahat ng pedeng ibigay ko sa kanya binibigay ko. Sinusulatan ko sya ng madalas dahil sabi namin dati, mas maganda pa rin yung old days na uso pa ang loveletters kesa sa text. Binibigyan ko rin sya ng kwintas, singsing, teddy bear, roses at kung anu ano pa tuwing may occasions o kahit wala. Keeping anything that reminds you of your ex out of sight will help you to think about him less, yan yung nabasa ko sa internet at naniniwala akong totoo yan.

2. Make his name a badword.



- nung nasa canteen, napagtanto ko, lagi nya bang sinasambit o iniisip ang pangalan ko? Kung oo, hindi tama yun. Kung lagi nyang iisipin pangalan ko, paano nya ako makakalimutan diba?

From: Trey

'tol, may naghahanap sayong magandang chix. Sena daw name. kakilala mo?

Yun yung text sakín ni Trey dati nung pauwi na ako. Inignore ko lang yung text nya pero ang totoo, nagtataka ako kung bakít ako hinahanap ni Sena? Akala ko nga nabuking nya na ako yung naglalagay ng letters sa locker nya.

Kinabukasan pagdating ko sa classroom at nakausap ko si Trey, lagi syang nagtatanong sakín kung kaanu ano ko daw si Sena. Ang kulit kulit nya, hinihingi nya pati sakín number ni Sena pero hindi ko binibigay.

"Andamot mo naman pre, bakít ayaw mo ibigay sakín number ni Sena? Hindi mo naman girlfriend siguro yun diba?"

Tinamaan ako sa sinabi ni Trey, kaya pagkasabi nya nun napagdesisyunan kong ibigay na lang sa kanya ang number ni Sena.

### 3. Do new things to keep you busy.

Alam ko kasi si Sena may pagkatamad sya kung kaya marami syang free time. Pero the more na marami kang free time, the more na marami kang oras sa pag-iisip. At ayaw kong magisip sya ng magisip dahil in the end, alam kong iniisip nya lang yung mga memories na naiwan samin.

### 4. Indulge yourself.

Nung sinamahan ko si Lala papunta sa locker room nya, nabigla na lang ako ng sa hindi kalayuan narinig kong nagsalita si Sena.

"Kung andito ka man sa paligid, salamat ah."

Napatingin ako sa kanya pero yumuko kaagad ako kasi nalaglag yung mga gamit ni Lala. Andun ako sa paligid nung mga oras na yun at nagpasalamat sya saakin, ibig sabihin ba natutulungan ko talaga sya?

Si Lala, sya yung girlfrien ko nun time na yun. Hindi ko naman talaga mahal si Lala, ginawa ko lang syang girlfriend para panakip butas sa sakit na nararamdaman ko sa tuwing naaalala ko si Sena at kung papaanong hindi ko na pede syang makasama. Alam ko masama yung ginawa kong paggamit kay Lala pero pinagbigyan ko lang din naman si Lala eh, nagconfess kasi sya saakin at umiiyak sya nun... sabi ni Lala mahal na mahal nya daw ako kaya naman pinagbigyan ko sya kahit alam kong masasaktan ko lang sya. Malungkot na malungkot talaga ako nun at kelangan ko ng mapaglilibangan lang din ng oras.

## 5. Meet new people.

Alam ko hindi ako ang destined na magmahal kay Sena kaya gusto ko kumilala pa sya ng maraming tao kasi alam ko, andyan dyan lang sa tabit tabi yung taong talagang nakadestined sa kanya. Gusto ko makilala nya yun.

"Pare, may kablind date sana ako kaso ang sama talaga ng pakiramdam ko. Pedeng ikaw na lang pumunta?"

"Eh? Wag na lang pre."

"Dali na pre, nakakahiya naman dun eh, ngayon kasi yun eh baka maghanda yun babae isipin hindi ko sya sinipot. Baka madisappoint. Sige na pre, it won't hurt naman kung tatry mo yung blind date eh. Saka alam ko namang hindi ka seryoso kay Lala eh."

"O sige na nga," pumayag ako since pampalipas oras din 'tong blind date na ito, "ano ba pangalan? May picture ka?"

"wala akong picture eh, ayaw akong bigyan pero Sarah daw name."

Pumayag talaga akos a blind date na yun, expecting to meet someone named Sarah kaso... si Sena nakita ko, she used a screen name. Akala ko yung araw na yun, isang beses ko lang makikita si Sena pero nung gabing pumunta akong club para magpalipas ng oras, nakita ko nanaman ulit si Sena. Naasar na nga ako eh, sabi ko noon nanadya ata ang destiny, pinaglalaruan ata ako. Pero pinagmasdan ko na lang ng patago si Sena, inom sya ng inom... Hindi pala inom si Sena kaya agad syang nalasing. Pumunta sya sa dance floor at parang tangang nakikipagsayaw sa kung sinu sino kaya naman napagdesisyunan kung hatakin sya paalis ng dance floor dahil ayaw kong bastusin sya dun. Hindi nya ako makilala siguro dahil sa lasing na sya.

Habang nahihilo sya, naglagay ako ng papel sa bulsa nya, "Here read this when you're in proper shape."

#6. Entertain suitors.

Nung mga panahong iyon, lagi ko ng nakakausap si Trey. Nakwento nya na rin sakín kung gaano nya kamahal si Sena, nasabi nya rin sakín na alam nyang ex ko si Sena at lagi daw umiiyak si Sena dahil sakín. Hindi ko sinabi kay Trey ang dahilan kung bakít ako nakipaghiwalay kay Sena, basta sinabi ko lang sa kanya na ayaw ko na kay Sena kahit hindi yun totoo. Nag-advise ako sa kanya...

"Diba mahal mo si Sena?"

"Oo, bakít?"

"Pare, advise lang mula sa isang kaibigan... pede ligawan mo si Sena? Pede tulungan mo si Sena na makalimutan na ako? Court her, pare. Please, I beg you."

"Allen, kahit hindi mo sabihin, kahit hindi ka magmakaawa, I'll really court her. Medyo tanga ko lang eh, ngayon ko lang naisip yun. Basta wala ng bawian ah, akin na si Sena."

Nginitian ko lang si Trey kahit sa loob loob ko ay nasasaktan ako. I somewhat trust Trey and believe in him, alam kong tunay yung pagmamahal nya kay Sena at hindi nya 'to sasaktan.

#7. Go out on a date.

#8. Have atleast 3hrs call with a guy you dated recently.

"Pare, advice lang para sa panliligaw mo kay Sena."

"Ano yun, dude?"

"Yayain mo ng date si Sena, mahilig sya sa mga theme parks like Enchanted. Sobrang mageenjoy sya dun."

"Talaga?"

"Oo. Tapos habang nakasakay kayo sa rollercoaster, hawakan mo kamay nya. Kahit kasi mukhang matapang yun sumakay sa mga rides na ganun, matatakutin pa rin yun sa loob loob nya. Sigaw mo rin sa kanya na mahal mo sya."

"Allen... bakit sinasabi mo 'tong mga bagay na 'to? Wala ka na ba talagang nararamdaman sa ex mo?"

"I don't deserve Sena, sasaktan ko lang sya. I trust you Trey, pasayahin mo si Sena." tumalikod na ako sa kanya pero bago ako maglakad nagsalita ulit ako, "Oo nga pala, after that date, try to call her for atleast 3hrs or more... Ma-aappreciate nya yun ng sobra, believe me."

Para lang din akong tanga nun, sinundan ko rin sila sa date nila sa Enchanted... malapit na kasi akong mamaalam kay Sena at gusto ko makita ko palagi ang mukha nya... lalo na yung mukha nyang nakangiti at sobrang saya... Gusto ko bago ako umalis, makita ko man lang na masya at hindi na nasasaktan si Sena, na kaya nya ng wala ako...

"Uy, bakit ka umalis sa bench? Anong meron?"

"Ah wala, parang may nakita lang ako kakilala, imagination ko lang." tama Sena, magiging imagination na lang ako ng buhay mo. Hanggang imagination na lang ako, kelangan hindi na ako magexist sa buhay mo para hindi ka na masaktan.

#9. Enjoy his company.

I don't deserve you Sena... Sena, you deserve someone like Trey na pahahalagahan ka at hindi ka papaiyakin.

#10. Evaluate your feelings.

Wala na kami ni Lala, nakipagbreak na rin ako sa kanya. Sinabi ko sa kanya ang totoo, sya lang nakakaalam... Sobrang nagsorry ako sa kanya at alam kong nasasaktan sya. Pero wala na akong magagawa, hihilingin ko na lang na sana makahanap din si Lala ng lalaking magmamahal sa kanya afterall, she's such a sweet girl, she deserves someone better.

Bago ako pumunta sa airport, nilagay ko ang way#10 sa locker ni Sena. Alam ko kasi na matagal pa bago matapos ang test nya. Mga 12:30pm pa kaya naman, saktong 12.30pm tinawagan ko sya.

"Hello?" namiss ko talaga ng sobra ang boses nya, habang buhay na ata 'tong magpapaulit ulit sa isipan ko.  
Hindi ko pinalampas ang huling usapan namin na ito, nirecord ko sya.

"Sena..." ...mahal kita...

"Ah, Allen... napatawag ka..."

Marami akong gustong sabihin sayo pero ayaw kong lituhin ka pa. Sapat na akong malamang masaya ka na kay  
Trey.

"Mahal ka ni Trey, magtiwala ka sakin. Hindi ka sasaktan nun. Masaya akong makitang masaya kang kasama sya. Masaya ako para sa inyo. Wag ka na ulit iiyak Sena, ha?"

"Huling tanong, mahal mo pa ba ako?"

Narinig kong dumating na yung eroplano ko, tumayo na ako at bago ko patayin ang telepono ko...

"Sena, dare to fall inlove again. Yan ang 11th way to forget me."





*Paalam, Sena Marie Reyes.*

The End.

Para sa lahat ng nagbasa,

Hinihiningi ko lang po ang pang-unawa ninyo na wag sanang ipakalat, ipamigay o ipost sa ibang sito ang storyang ito. Wag nyo po sanang angkinin ang gawa at pinaghirapan ng iba. Sana po respetuhin nyo ang kwento at ang manunulat nitong storyang ito. Kung gusto nyo po syang ipamahagi sa kung anumang paraan, humingi po sana kayo ng pahintulot saakin.

Ang kopyang ito ay kinopy-paste ko lang sa kopyang meron ako sa wattpad. Wala na po akong oras para basahin ito at isa-ayos. Kung may mga typo o kung anumang uri po ng error, hinihingi ko na lang po ang paumanhin at pang-unawa ninyo.

Salamat po sa mga nagbasa. Sana po nagustuhan nyo at nagenjoy sana kayo. Wag nyo po sanang kakalimutang magleave ng message o kay mag-comment sa aking sito. Pwede rin po kayo maglike ng fb page ko kung saka sakali.

Website: [www.haveyouseenthisgirlstories.com](http://www.haveyouseenthisgirlstories.com)

Facebook page: <http://www.facebook.com/haveyouseenthisgirlstories>

Twitter: <http://twitter.com/diarynidenny>

Ayun po. Suportahan nyo rin po sana ang iba kong stories. I love you all.

- Denny / Haveyouseenthisgirl